# JUNIX AT MARICEL

**ANG DULANG ITO AY**

**BATAY SA MGA TUNAY NA PANGYAYARI**

# JUNIX AT MARICEL

(Dulang ganap ang haba)

---

**MGA TAUHAN:**

JUNIX

22, lider-estudyanteng tumigil sa pag-aaral upang maging fulltime activist, mula sa pamilyang middle class sa Davao (nagse-Cebuano)

MARICEL

21, kasintahan ni Junix, aktibistang naging call center agent, pamilyang mahirap

SONIA

45, ina ni Maricel, tindera ng ukay-ukay

MR ETRATA

45, ama nina Junix at Noel, middle level government employee sa Davao (nagse-Cebuano)

MRS ETRATA

45, ina nina Junix at Noel, public elementary school teacher sa Davao (nagse-Cebuano)

MYRNA

35, lider ng isang human rights organization

DOMY

35, reporter sa isang TV outfit

ATTY QUISUMBING

45, human rights lawyer

NOEL

19, aktibistang kapatid ni Junix (nagse-Cebuano)

BONG

25, payatin, aktibistang napilitang maging ahente ng militar

ROXY

30, tabain, aktibistang naging ahente ng militar

SONNY

19, aktibista sa kampus

JIMMY

19, aktibista sa kampus

MEDY

24, katrabaho ni Maricel sa call center

JOJO

24, katrabaho ni Maricel sa call center, gay

PILO

59, security guard

NINA

19, Fil-Am na nag-aktibista, may American twang kung magsalita

AMA NI MARICEL

45, manggagawa

LIDER-UNYONISTA
45, lider-welgista

DELIO
30, aktibistang human rights sa Davao (nagse-Cebuano)

INTELLIGENCE (INTEL) OFFICER
INTEL AGENT 1
INTEL AGENT 2
INTEL AGENT 3

NESTOR
40, Aeta

AMELIA
35, Aeta

LOLA TETAY
70, saksi laban sa militar

SISTER JOSEFINA
JUDGE
COL QUILALA
MILITARY COUNSEL
POLICE DESK OFFICER
MATANDANG LALAKI
MATON
REBELDE 1
REBELDE 2
REBELDE 3
MGA WELGISTA

MGA DEMONSTRADOR

MGA SABUNGERO

MGA VOICE-OVER RECORDING

Intel Radio Base

Intel Officer

Speaker 1 (Male)

Speaker 2 (Male)

Male Radio Voice

Megaphone Voice

Intel Agent 2

Intel Agent 3

Junix

Maricel

OFFSTAGE VOICE-OVER

Sigawan

**PANAHON:**

Mga taon ng dekadang 2000, administrasyon ni Presidente GMA

## PAUNANG SALITA

Ang dulang ito ay hango sa mga tunay na pangyayari noong administrasyon ni Gloria Macapagal Arroyo, at humango ng inspirasyon sa kasaysayan ng martial law ni Ferdinand Marcos. Testimonya ito ng culture of impunity na namayani -- at namamayani pa -- sa Pilipinas.

Hindi pangkaraniwan ang storytelling ng dulang ito. Sa maraming bahagi, ang nakaraan at kasalukuyan ay magkasabay na isinasadula.  Sumisingit ang mga tagpong nakaraan na (flashback) sa mga tagpong pangkasalukuyan – at may mga tauhang kailangang naroon sa dalawang eksenang sabay na nagaganap.

Sa pagsasadula ng mga ganoong sitwasyon, ang mga nasabing tauhan ay mananatili sa tagpuan o setting ng kasalukuyan habang gumaganap o bumibigkas ng mga linyang patungkol sa flashback.  Ipagpapalagay ng mga tauhan sa dalawang tagpuan na sila ay pisikal na magkakasama. (Sa mga ganoong sitwasyon, may panipi o quotation marks ang pangalan ng mga tauhang kailangang nasa dalawang tagpuan.)

Gaya ng kinagawian na sa teatro, maraming tauhan ang makagagampan ng multiroles.

Maaaring portable apple boxes ang gamitin bilang representasyon ng mga upuan, mesa, bangko, atbp., sa lahat ng eksena. Maraming hand props ang imaginary, bagaman may mga eksenang gagamitan ng totoong props.

Mahalagang gawing mapanlikha, at hindi simpleng kwadradong white screen lamang, ang telong paglalabasan ng mga video, larawan, at teksto.

## PROLOGO:  PAGBALIGTAD

**Unang tagpuan: Liblib na barangay sa Gitnang Luzon, gabing madilim**

*Maririnig ang motor ng isang papalapit na van. Tatagos sa entablado ang headlights nito, na mamamatay agad, kasunod ng pagkamatay rin ng motor at tunog ng mga pinto nitong isinasara. Maririnig mula sa malayo ang paisa-isang kahol ng mga aso.*

**Imahe sa telon: *"US raps GMA for killings*" (mula sa *Philippines Daily Inquirer*, 16 February 2007)**

*Heto na ang mga nakasibilyang INTELLIGENCE (INTEL) AGENT 1, 2, at 3, sa pamumuno ng INTEL OFFICER. Armado ng M-16 at pistola, karay-karay nila si BONG na nasasakluban ng sako. Kontrolado ang pagsasalita nila upang hindi makatawag-pansin.*

**Teksto sa telon: Liblib na barangay, Gitnang Luzon, 2006**

INTEL AGENT 1

(Babayuhin si BONG ng puluhan ng M-16.) Babagal-bagal! Umm!

BONG

(Babagsak.) Uhh!

INTEL AGENT 2

Huwag kang mag-inarte diyan, oy! (Sisipain si BONG.)

INTEL AGENT 3

Tayo! Tayo!

*Pilit tatayo si BONG, ngunit hindi niya kaya; babagsak ulit siya. Samantala, lahat ng armado ay magsusuot na ng ski mask. Pagkatapos, isa sa kanila ang mag-*

*aalis ng sakong nakasaklob kay BONG.  Tatambad ang itsura nito:  nakapiring, nakatali ang mga kamay, at may busal.  Itatayo nila si BONG, kakalagan ng tali, piring, at busal.*

INTEL OFFICER

Pwede ka pang mabuhay, Bong – KUNG magkokoopereyt ka sa amin! Pero kung gusto mong magpakabayani, bahala ka!  (Sa INTEL AGENT 2.)  Ikaw naman ang yumari nito, Mola!

INTEL AGENT 2

Yesser! (Kay BONG.)  Hoy!  Tangnamo!  Anong petsa ngayon?

BONG

(Hintakot.) Hindi ko po alam.

INTEL AGENT 3

Hayop na komunista ka talaga, Bong!  Kahit petsa, ayaw mong amining hayop na komunista ka!  February 25, 2006!  Sabihin mo!

BONG

February 25, 2006 po.

INTEL AGENT 2

Edsa anibersari!

INTEL AGENT 1

Baka naman talagang hindi na niya alam kung anong araw ngayon!

INTEL AGENT 3

(Iuumang na ang baril.) Pero ang pagbilang, alam mo pa?  Wan tu tri por?

BONG

Opo.  Wan tu tri por.

INTEL AGENT 3

Gud! Pagbilang ko ng tri, takbo! Kuha mo..? Redi, wan --

BONG

(Umiiyak, nagmamakaawa.) Maawa po kayo, ser!  Aktibista lang po ako!

INTEL AGENT 2

Gago!

INTEL AGENT 3

Tu!

BONG

Wala po akong kasalanan!

INTEL AGENT 1

Kasabi-sabi mo lang, aktibista ka!

INTEL OFFICER

‘Yun ang kasalanan mo!

INTEL AGENT 3

Tri! (Itutulak si BONG.) Takbo!

*Hindi tatakbo si BONG.*

INTEL AGENT 3

Takbo sabi! (Itutulak ulit si BONG.)

BONG

(Hindi tatakbo.) Huwag po… huwag po!

*Malakas nang nagkakahulan ang mga aso sa kalayuan. Ngayon, may mga sinag ng flashlight na tatagos sa entablado.*

INTEL OFFICER

Gaddem!  Me tao!

*Gulantang ang mga armadong ahente, lahat ay mag-uumang ng kanilang armas sa pinagmulan ng mga sinag.*

INTEL OFFICER

(Asar.) Lamok!  Sino 'yang mga 'yan?

INTEL AGENT 2

Eh –

INTEL OFFICER

Akala ko ba, malinis ang lugar na ito?

INTEL AGENT 2

Mga barangay tanod lang 'yan, sir!  (Tatakbong palabas.)

*Mawawala na ang mga sinag ng mga flashlight.*

INTEL AGENT 2

(Babalik sa entablado.) Okey na po, ser!

INTEL OFFICER

(Sesenyas ng thumbs up.)  Maswerte ka, Bong!  Mabubuhay ka pa!  (Sesenyas ng “let’s go.”)

*Balik na silang lahat sa van.  Maririnig ang ingay nito na pinapaandar at lumalayo.  Patuloy ang pagkahol ng mga aso, kahit wala nang tao sa tanghalan.*

**Ikalawang tagpuan:  Military intelligence safehouse, gabi.**

**Imahe sa telon:  *“UN blames military for political killings”* (mula sa *Philippines Daily Inquirer*, 22 Feb 2007)**

*Si ROXY ay umiinom ng beer at namumulutan. Sa isang mesita, may ilang bote ng beer at styrofoam ng pulutan. Tensyonado siya pagkakita sa INTEL AGENT 1, 2, 3, at INTEL OFFICER (wala na silang ski mask) na umeeskort kay BONG.*

INTEL OFFICER

(Kay ROXY.) Roxy boy!  Kumusta?  Ayos ka lang?

ROXY

Ayos lang, bosing!

*Kakalagin ng INTEL AGENTS ang piring at gapos  ni BONG. Aalis na silang lahat.*

ROXY

Buhay ka!  Binuhay ka nila..!  Sabi ko naman sa ‘yo eh! May pag-asa pa tayo!

BONG

Hindi naman nila ako talaga papatayin.  Psywar lang ‘yon, psywar, Roxy…  Alam mo na, para mag-cooperate ako – tayong dalawa – sa kanila!

ROXY

(Kukuha ng beer, bubuksan at iaabot kay BONG.)  Ang mahalaga, buhay tayo! Magpasalamat tayo sa kanila!

BONG

(Aabutin ang beer, iinom; maya-maya'y mapapaisip.) Roxy, saan galing ang mga ito?

*Hindi sasagot si ROXY.*

BONG

Saan galing ang mga ito, Roxy?  (Mapapangiti.) Me . . . me dalaw ka na? (Aaliwalas ang mukha, sisigla.) Alam na ng mga kamag-anak natin na naaresto tayo? Nakausap mo sila?

*Hindi sasagot si ROXY.*

BONG

(Mag-iiba ang ekspresyon ng mukha; nagdududa.)  Roxy, sinong me bigay ng mga ito?

ROXY

Sila.  Mababait na sila.

BONG

(Titingnan nang diretso sa mata si ROXY.) Pumayag ka na sa gusto nila?
*Iiwas ng tingin si ROXY.*

BONG

Roxy, bumigay ka na?  Ano na ang inamin mo sa kanila?

*Lalaylay ang ulo at mga balikat ni ROXY.*

BONG

Roxy!

**1. ANG PAGDUKOT**

**Tagpuan: Taft Avenue sa Maynila, madaling araw**

*May mahabang upuang gaya ng mga nasa parke. Nakaupo si PILO, kumakain ng biskwit at umiinom ng kape sa basong disposable. Sa isa pang panig ay may malaking basurahan. Dinig ang ingay ng mga dumaraang sasakyan.*

**Imahe sa telon: Video ng trapik sa Taft Avenue sa madaling araw, kitang-kita ang monumento ni Rizal sa Luneta**

**Teksto sa telon: Makalipas ang isang taon**

*Maririnig ang usapan sa handheld radio (VO) ng mga ahenteng militar.*

INTEL RADIO BASE

Neptune, Neptune.

INTEL OFFICER

Come in, Mercury.

INTEL RADIO BASE

Subject One coming out in about zero three hundred thirty hours.

INTEL OFFICER

Ten-four.

*Darating sina MARICEL, MEDY, at JOJO. Galing sila sa trabaho at ngayon ay*

*patungo sa kalapit na fast food upang magkape. Maharot at nagtatawanan ang dalawa, pero si MARICEL ay hindi -- malalim ang iniisip.*

MEDY

Hoy, Maricel, quiet ka na naman diyan!

MEDY

Ano na namang problema natin, ‘Day?

MARICEL

Pagod lang ako… Hindi ko na ma-take ang trabaho sa call center.

MEDY

Sinabi mo na iyan noon! Hindi ka naman nagre-resign!

JOJO

Beer lang ang katapat niyan!

*Tawanan sina MEDY at JOJO.*

MEDY

Maricel, 2007 na ngayon!

MARICEL

So?  Ano ngayon kung 2007 na?

MEDY

(Pabulong.) Don’t tell me, ‘yun pa ring mystery lover mo ang pinoproblema mo!

JOJO

Mystery lover?

MARICEL

At sino naman po ang me sabi sa 'yo?

MEDY

Wala lang!  Hula ko lang! Pero magaling akong manghula!

JOJO

Share!  Share your dirty secrets!

MARICEL

Sorry, bakla.  Walang dirty secrets… Asar lang kasi ako na dahil hindi ko pinatulan 'yung huling caller ko! Minura ba naman ako!

MEDY

Hindi ka na nasanay!

MARICEL

Pag nasanay tayo sa pang-aapi, may problema!

JOJO

What do you suggest we do, bakla?

*Tutunog ang cell phone ni MARICEL.*

MARICEL

(Babasahin ang text na siyang hinihintay; mapapangiti.) Guys, kayo na lang ang magkape!  Split na ako!

JOJO

Grabe ka naman! Ano na ang nangyari sa "walang iwanan?"

MEDY

If I know –

JOJO

Hoy, Maricel, ha! Four AM pa lang!  Madilim pa! Pag ikaw, napahamak sa kaso-solo flight mong 'yan!

MARICEL

Maliwanag na kaya!

JOJO

Bahala ka!

MEDY

Diretso sa bahay, ha?  Walang biglang liko!

MARICEL

Biglang liko ka diyan! Palibhasa, gawain mo!

*Exit na sina MEDY at JOJO. Maiiwan si MARICEL, palinga-linga.  Mag-iiba ang ilaw (passage of time). Mula sa isang madilim na panig, makikita ni MARICEL ang*

*paparating na kasintahan. Tatawid na si JUNIX patungo sa kanya. Magyayakap sila, sabik sa isa't isa dahil matagal na hindi nagkita.*

INTEL OFFICER (Radio VO)

Two subjects now in area!  Bull's eye na! Bingo na ito!

*Sa puntong ito, lilinga si JUNIX – at maghihinala.*

JUNIX

(Biglang kabado, hahawakang mahigit ang kasintahan.) Maricel –

MARICEL

Bakit?

JUNIX

(Kukunin ang cell phone mula sa bulsa.) May mga taong papunta sa atin… Ang cell phone mo?

MARICEL

Cell phone ko?

JUNIX

Akina ang cell phone mo! Dali!

*Ibibigay ni MARICEL ang cell phone kay JUNIX. Lilinga si JUNIX at itatapon ang dalawang cell phone sa basurahan. Si PILO ay magugulat sa nakita.*

MARICEL

(Takang-taka.) Junix! Anong ginagawa mo?

JUNIX

Shhh! (Tatanganan ang kamay ni MARICEL at akmang tatakbo.) Tayo na!

*Biglang susulpot at haharang INTEL AGENT 1 at 2, nakaumang ang mga baril. Babaling sa ibang direksyon sina JUNIX at MARICEL. Subalit haharang ang INTEL AGENT 3 at INTEL OFFICER, nakaumang rin ang mga baril.*

INTEL AGENT 1

(Iuumang ang baril sa madla.) Walang makikialam! NPA kami! NPA kami!

JUNIX

Bakit?  Bakit?  Anong kasalanan namin?

*Ngayon ay kumukulob na sa magkasintahan ang mga sundalong de-baril.*

INTEL AGENT 2

Taas ang kamay!  Taas!

JUNIX

Sino kayo? Anong kasalanan namin?  (Sa madla.) Aktibista kami!  Tulungan ninyo kami!  Aktibista kami!

*Walang tutulong sa kanila. Si PILO, samantala, ay hintakot na nagkukubli sa upuan.  Kitang-kita niya ang buong pangyayari.*

MARICEL

Junix!  (Ang sigaw ay mapapalitan ng pag-ungol sa pagtakip sa kanyang bibig.)

*Panyo ang itatapal ng MGA INTEL AGENT sa bibig nina JUNIX at MARICEL. Kakaladkarin nila ang dalawa. Payukod na nagmamatyag si PILO.  Agad siyang kukuha ng bolpen at kapirasong papel sa bulsa at magsusulat (ang plate number ng van).  Maririnig na ang ingay ng umaalis na van. Pagkatapos, si PILO ay palinga-lingang lalapit sa basurahan para kunin ang mga cell phone.*

## 3.  NASAAN SI MARICEL

### Unang tagpuan:  Bahay nina Maricel, bandang ika-6 ng umaga

**Imahe sa telon:  Video ng komunidad ng maralitang lungsod**

*Nagdudumaling papasok si SONIA para habulin ang mga anak.*

SONIA

Jun-jun! Marie! (Dudungaw sa kunwa'y bintana; malayo na ang mga anak.) Ang mga batang ito! Nag-iwan na naman ng kanin sa plato! Sinabi ko na, maraming nagugutom! Hindi dapat nagsasayang ng pagkain..! Naku, at naghaharutan pa sa daan! (Lalayo na sa bintana at sisilipin ang isang silid.) Maricel? Maricel?

*Maghihintay ng sagot; wala. Papasukin na ni SONIA ang silid. Maya-maya'y heto na naman siya, kunot-noo.*

SONIA

Pasado alas sais na! Hesus, bakit wala pa si Maricel? (Magte-text at maghihintay; walang sagot; unti-unting babalutin ng pag-aalala; tatawag na sa cell phone.)

*Magri-ring ang teleponong tinawagan ni SONIA, ngunit walang sasagot. Tatawag siya sa ibang number.*

SONIA

Hello, Medy..? Pasensya ka na, ha? Alam ko, ginising kita. Wala pa kasi si Maricel eh. Tine-text ko, tinatawagan, no reply..! Ha? Nauna pang umuwi sa inyo? Naku, Medy, alas singko lagi, andito na iyon sa bahay, walang mintis! Sige, tatawagan ko ulit… Oo, Medy, update kita!

*Tatawagan ulit ni SONIA si Maricel; ring lang nang ring. Magdidilim.*

**Ikalawang tagpuan: Istasyon ng pulis, umaga**

*May mesang kinapapatungan ng ilang logbook at isang telepono. Nakikipag-usap na sina SONIA at MEDY sa POLICE DESK OFFICER.*

POLICE DESK OFFICER

Anong oras nga kayo nag-out sa call center?

MEDY

Mga alas kwatro po ng madaling-araw kanina.

SONIA

Alas nwebe na! Diyos ko, saan kaya nagpunta ang batang iyon..! Ngayon lang nangyari ito, sa isang taon niya sa call center! Ni text, walang siyang abiso na tatanghaliin siya!

MEDY

Pinipigil nga po namin na lumakad mag-isa, pero okey lang daw siya.

JOJO

(Humahangos na darating.) Ano pong balita, Aling Sonia?

SONIA

Wala pa rin, Jojo! Baka me alam kayo ni Medy na maaaring pinuntahan ni Maricel, ha?

POLICE DESK OFFICER

Oo nga! Baka gumimik!

JOJO

(Sa POLICE DESK OFFICER.) Excuse me. Hindi po gimikera si Maricel. (Kay SONIA.) Tinext ko na po ang iba naming officemates!

POLICE DESK OFFICER

O?

JOJO

Wala rin!  Hindi nila alam kung nasaan si Maricel!

SONIA

Baka . . . naaksidente!

MEDY

‘Yun na nga po ang iniisip ko! Pero huwag naman sana!

SONIA

(Sa POLICE DESK OFFICER.) Pwede po bang tumawag ulit kayo?

POLICE DESK OFFICER

Misis, pangatlong tawag ko na ito, ha? (Asar na tatawag sa teleponong landline.) Hello, Camacho! Wala pa bang report ng aksidente sa area n’yo..?  Eh  makulit si Misis eh…  Basta pag me pumasok na accident report sa ruta ng Taft-Roxas Boulevard, paki-bato lang sa amin dito! (Ibababa ang telepono at babaling kina SONIA.)  Narinig n’yo, Misis! Walang aksidente!

SONIA

Opo. Salamat po.

POLICE DESK OFFICER

Akina nga ulit ang retrato ng anak ninyo.

*Ibibigay ni SONIA ang retrato ni Maricel.*

POLICE DESK OFFICER

(Nakatitig sa retrato ni Maricel, humahanga.) Baka . . . nagtanan.

SONIA

Naku, wala pong boypren ang anak ko!

*Tinginan sina MEDY at JOJO.*

POLICE DESK OFFICER

Maniwala! Ang ganda-ganda, walang boypren..? Dito tayo sa loob. Gumawa kayo ng salaysay.

*Sasama si SONIA sa pulis. Magpapaiwan sina MEDY at JOJO.*

MEDY

Susunod po kami.

JOJO

Magyoyosi lang po.

POLICE DESK OFFICER

Bawal! No smoking sa presinto! 'Wag kayong magpapakita sa mga tao!

JOJO

Yes, ser!

JOJO

(Pabulong.) Baka . . . baka nga nagtanan si Maricel!

MEDY

Paano magtatanan, eh walang nasa utak 'yon kundi ang pagtulong sa nanay at mga kapatid niya! Pamilya muna, pamilya muna!

JOJO

Di ba may nag-text kay Maricel, kaya nagmamadaling humiwalay sa atin?

MEDY

Meron nga.  Baka ang boyfriend niya.

JOJO

Gaga ka pala eh!  Ba't hindi mo sinabi sa nanay ni Maricel?

MEDY

Eh hula ko lang naman 'yun eh..!  Pero feeling ko, jowa nga niya 'yun!

JOJO

Kung ganun, totoong me boyfriend si Maricel – and you know it!

MEDY

(Makikita ang paparating na si SONIA.) Shh!  Bunganga mo!

*Darating na si SONIA.*

SONIA

Medy, Jojo!  Halina na kayo!

JOJO

Sabihin mo na!

MEDY

Ang alin ang sasabihin ko?

JOJO

Kung ayaw mo, ako ang magsasabi!

MEDY

Jojo!

JOJO

Medy, this is a matter of life and death!  (Haharapin si SONIA.) Aling Sonia, meron pong sasabihin si Medy!  Secret po.

MEDY

Gaga!

*Maghihintay si SONIA.*

MEDY

Meron . . . meron  nga pong boyfriend si Maricel…  I think.

SONIA

Ano ang pangalan?

MEDY

'Yun po ang hindi ko alam.

SONIA

Kaopisina ba ninyo?

JOJO

Ay naku, palagay ko po ay hindi!  Hindi ‘yun malilihim sa buong bullding kung officemate namin ang bruhong ‘yon!

SONIA

Naglihim siya sa akin…  Sinikreto niya ako.  Me boypren pala siya.

MEDY

Nadulas lang po si Maricel sa pagkukwento.  Sabi niya minsan, ang boyfriend niya ay dating kaklase o kasamahan yata niya sa organization nila sa college.

*Nanunuot ang titig ni SONIA kay MEDY.*

MEDY

Peksman po. (Guguhit ng krus sa dibdib, at itataas ang kanang kamay, tila sumusumpa.) ‘Yun lang po ang alam ko.

*Darating ang pulis.*

POLICE DESK OFFICER

Ano ba!  Marami pa kaming trabaho!

MEDY

Opo, ser!

JOJO

(Pabulong.) Kami din, ser..!  Hayblad ba!

*Susunod sila sa pulis. Magdidilim.*

## 4. TOTOO ANG HINALA

### Tagpuan:  Tambayan ng mga aktibista sa kampus, umaga

*Hawak ni NINA ang membership application form ng Anakbayan. Kausap niya si JIMMY.*

**Imahe sa telon: Video ng rali ng kabataan-estudyante; prominente ang banner ng Anakbayan**

NINA

(Iaabot ang application form kay JIMMY.)  This is it! My application form!

JIMMY

(Kukunin  at babasahin ang form.)  Jenina Ricafort… At ang nickname mo ay Nina!

NINA

Nina, yes!

JIMMY

(Maggugulat sa pagbabasa.)  Seattle, Washington… You are an American?

NINA

Make that Fil-Am!

JIMMY

You know . . . how to speak . . . Filipino?

NINA

Oo naman!  Not good, but I am learning.  Fast!

JIMMY

Fine, fine..! Ahh, ahh, nakalimutan ko ang sasabihin ko..!  Ah, grabe!  Anyway, mabuti at hindi ka natakot sa black propaganda against Anakbayan!

NINA

I use my coconut, as you would say.  Critical thinker ako.  Gusto ko pa noon sumali sa inyo.

JIMMY

Oh yeah?

*Darating si SONIA.*

JIMMY

(Kay SONIA.)  Yes, ma'am?

SONIA

Nakita ko ‘yung karatula ninyo, Anakbayan. Kayo ba ang mga kaibigan ni Maricel?

JIMMY

Ako po, opo!  Bakit po?

SONIA

Ako si Mrs Sonia Salvacruz, nanay ni Maricel.

JIMMY

Magandang araw po!

SONIA

Hinahanap ko siya. Missing si Maricel.

JIMMY

Ano po?  Si Maricel, missing?

*Mapapahikbi si SONIA.*

JIMMY

Matagal na pong wala kaming kontak kay Maricel, mula nang gumradweyt siya last year!

SONIA

Nagsasabi ka nang totoo?

JIMMY

Opo! Kahit noong last year na niya sa college, hindi na siya aktibo sa aming org.

SONIA

Org?

JIMMY

Org, opo, short for organization. Nag-lie low po si Maricel sa pag-aaktibista dahil sa pamilya . . . sabi niya.

SONIA

Pero sino ang boyfriend niya? Kilala ba ninyo?

*Tahimik si JIMMY. Nakatanga si NINA.*

SONIA

(Hahawakan si NINA.) Mga anak, tulungan ninyo ako!

NINA

(Kay JIMMY.) What am I gonna say, Jimmy?

SONIA

Kung nagtanan si Maricel, ano pa ba ang aking magagawa?

NINA

I . . . I'm sorry?

*Darating si SONNY.*

SONNY

(Nagdudumali, excited.) Jimmy!  Masamang balita! (Mapapansin sina NINA at SONIA.) Ops, me mga bisita pala tayo!

JIMMY

Sonny, si Nina, applicant natin.

SONNY

Hi, Nina!  Welcome to Anakbayan!

*Asiwang kakaway si NINA kay SONNY.*

JIMMY

At ang Mama ni Maricel.

SONNY

Oh my god! (Kay SONIA.)  Excuse me po, ma'am!  (Hihilahin sa isang tabi si JIMMY.)  Bakit andito ang Mama ni Maricel?

JIMMY

Hinahanap si Maricel!  Missing daw!

SONNY

Oh my god times two! Hindi lamang pala si Junix ang missing!

JIMMY

(Malakas.) What?  Si Junix, missing?

*Kinakabahan na si NINA sa mga naririnig.  Takang-taka si SONIA.*

JIMMY

Kailan pa?

SONNY

Dalawa-tatlong araw na! Malamang, dinukot siya! Pero hindi kasama sa report na si Maricel, missing rin!

*Haharapin na nina JIMMY at SONNY si SONIA.*

JIMMY

Ma'am, ang name po ng boyfriend ni Maricel ay . . . Junix.

SONIA

Junix… Tulungan ninyo ako, mga anak!  Kailangang makausap ko ang Junix na 'yon! Saan ko siya makikita?

SONNY

Eh, 'yun na nga po… Missing na rin po si Junix!

SONIA

Ano..? Pareho sila ni Maricel? Posibleng nagtanan nga sila, kung ganoon!

SONNY

Hindi po.  Ang report po ay dinukot si Junix!

SONIA

Dinukot?  Nino?  Bakit siya dudukutin?

SONNY

Aktibista po si Junix, gaya namin.  Dati siyang chair ng aming org.

JIMMY

Organisasyon po.

SONNY

Pero mag-iisang taon na po na hindi siya pumapasok.

SONIA

Nagluluko sa pag-aaral… At itinanan pa ang aking anak!

JIMMY

Hindi po siya nagluluko! Nag-fulltime na po si Junix!

SONIA

Ano ‘yon?

JIMMY

Ahh… Fulltime. Lahat po ng panahon niya ay para na sa pagkilos!

SONIA

Anong pagkilos?

JIMMY

Para po sa, sa movement!

SONIA

(Kukunot-noo.) Ininggles mo lang ang "pagkilos..." Hindi ko kayo naiintindihang mga aktibista kayo! Bakit ba hindi kayo magsalita nang normal? ‘Yung naiintindihan?

*Tinginan sa isa't isa sina SONNY at JIMMY.*

SONIA

Pero sino naman ang dudukot sa . . . ano nga ulit ang pangalan?

JIMMY

Junix po!

SONIA

Junix ano?

SONNY

Junix Etrata po!

SONIA

At bakit . . . pati ang anak ko?

*Katahimikan.*

NINA

(Nahihiya.) Excuse me?  About my application form?

JIMMY

Yes, Nina?

NINA

May I take it back? Please?

## 5. MANOK MAN O ASO, PAG NAWALA

**Unang tagpuan: Opisina ng Karapatan, umaga**

*Nagmimiting sina SONIA, MEDY, JOJO, SONNY, JIMMY, at sina NESTOR at AMELIA. Si MYRNA, human rights coordinator, ang nangunguna sa pag-uusap.*

**Imahe sa telon:  Retrato ng mga desaparecido at biktima ng EJK (may ID)**

MYRNA

Sino po ang dapat pagsuspetsahan sa mga pagdukot at pamamaslang ng mga aktibista? Sino ang may motibo at kakayahang gumawa ng mga ganoon?

SONIA

Eh sino nga ba?

MYRNA

Motibo. Alamin natin ang motibo. Kahit po mga pulis, ang unang inaalam sa pag-iimbestiga ng krimen ay kung sino ang may motibo.

SONIA

Eh sino nga?

MYRNA

Aktibista po si Junix. Kung sino ang kinakalaban ng mga aktibista, sila ang may motibo na dukutin si Junix . . . at Maricel.

SONIA

Pero hindi aktibista ang anak ko. Ah . . . dati, oo. Pero matagal na 'yon!

MYRNA

Maaari pong nadamay siya, kung magkarelasyon nga sila ni Junix.

SONIA

Bakit ganoon? Wala na bang ligtas sa mga panahong ito?

*Darating si DOMY, ang journalist na kaibigan ni MYRNA.*

MYRNA

(Hawak ang mga retrato nina Junix at Maricel, sasalubungin si DOMY.) Ang bilis mo! Kate-text ko lang sa 'yo!

DOMY

Detalye. I need details.  Details nitong kaso nitong Maricel at Junix! Gusto kong gawin agad ang istorya!

MYRNA

Double abduction ito, Domy!  (Ipapakita ang retrato nina Junix and Maricel.)  Ito si Maricel.  Ito si Junix.

SONIA

(Lalapit kina MYRNA at titingnan ang retrato.) Aba!  Minsan nang nagpunta sa amin ang lalaking ito . . . na sabi ng anak ko ay hindi niya boypren!

DOMY

Kayo po ang mother ni –

MYRNA

Ni Maricel.  (Kay SONIA.) Si Domy po ay reporter ng TV AlterMedia.

DOMY

Iinterbyuhin ko po kayo.

SONIA

Ha? Hindi ba . . . delikado kung, kung magpainterbyu ako?

MYRNA

Hindi naman po.  Natural lamang na hanapin ninyo ang inyong anak.

SONIA

Baka pag-initan ako ng mga, ng mga…  Maliit na tao lang ako.

DOMY

Hindi po isyu ito ng maliit o malaking tao! Kahit manok o aso, pag nawala, hinahanap ng may-ari!  Tao pa kaya?

*Tatamaan si SONIA sa pasaring. Mangingilid ang luha niya.*

DOMY

So-sorry po.

SONIA

(Kakalmahin ang sarili.)  Sige… Pero teka, nasaan ba ang mga magulang nitong Junix?  Kung magpapainterbyu ako, sila rin dapat!

MYRNA

Nasa Davao po.

SONIA

Paano ninyo nalaman na missing si Junix?

MYRNA

Sina Nestor at Amelia po ang nagreport sa amin.  Mga katutubong taga-Zambales sila.

*Bahagyang yuyukod sina NESTOR at AMELIA. Ilalabas ni DOMY ang bolpen at notbuk at isusulat ang sasabihin ng mga magsasalita.*

NESTOR

Mga anim na buwan na naming kasama si Junix.

SONIA

Kasama saan?

NESTOR

Nakatira po sa amin, sa bundok.

JIMMY

(Kay SONIA.) ‘Yun po ang sinasabi namin na si Junix ay nag-fulltime na. Iniwan na niya ang school at doon na nakatira sa masa.

AMELIA

Pero bago nakipamuhay sa amin, si Junix ay may anim na buwan ring tumira sa mga magsasaka, malapit sa amin.

NESTOR

Doon sa patag.

**Ikalawang tagpuan: Pamayanan ng Aeta sa bundok, umaga**

*Sasanib sa unang tagpuan ang isang flashback. Si JUNIX , naka-backpack, ay nasa ikalawang tagpuan na. Bumababa sa bundok sina "AMELIA" at "NESTOR" (pero mananatii sila sa unang tagpuan).*

**Imahe sa telon: Komunidad ng mga Aeta**

AMELIA

Pag bumababa kami ng bundok, naroon siya, katrabaho ng mga magsasaka.

JUNIX

(Kausap ang kasalubong na sina “Amelia” at “Nestor.”) Magandang umaga po!

AMELIA at NESTOR

Magandang umaga!

JUNIX

Palengke kayo?

NESTOR

Oo!

JUNIX

Klaseng kaunti lang ang ani ninyo, ah!

AMELIA

Ewan ba!  Parang ayaw nang magbunga ang mga halaman!

JUNIX

‘Yan na po ang epekto ng pagkasira ng klima at kalikasan.

NESTOR

Sabi nga… Ito, baka gusto mo.

JUNIX

Uy, honey! Magkano po?

NESTOR

Ikaw na ang bahala.  Dalawampung piso.

JUNIX

Ang mura naman po!  Sa Maynila, mahal ang honey!

AMELIA

Taga-Maynila ka?

JUNIX

(May pagmamalaki.) Tagarito na po!

AMELIA

(Pabulong.) Ah, ikaw siguro ang aktibistang sinasabi sa amin!

JUNIX

(Lilinga sa paligid.) Opo..! Pero mabalik po tayo sa honey!

NESTOR

Sa palengke, binabarat kami ng mga mamamakyaw.

AMELIA

Tapos, pag binilang na namin ang bayad nila, kulang.

JUNIX

Bakit po hindi ninyo sinusumang mabuti?

AMELIA

Marami sa amin, mahina sa pagsusuma.

JUNIX

Tuturuan ko kayo . . . kung gusto n'yo!

AMELIA

Matagal ka na rito?

JUNIX

Mag-aanim na buwan na po!

NESTOR

Ano nga ang pangalan mo?

JUNIX

Junix po!

*Magdidilim; exit na si JUNIX.*

**Imahe sa telon:  Komunidad ng mga Aeta**

AMELIA

Napakahusay makibagay ni Junix.  At napakasipag.  Damang-dama namin ang malasakit niya.

**Imahe sa telon:  Mga leksyon sa aritmetik at abakada**

AMELIA

Tinuruan niya kami ng aritmetik, pagbasa, pagsulat. Galit siya pag naloloko kami.

**Imahe sa telon:  Painting ni Botong Francisco ukol sa kolonyalismo**

NESTOR

Nilinaw niya sa amin ang kasaysayan ng Pilipinas.

AMELIA

Matindi pala ang panggagago sa atin ng mga dayuhang sumakop sa atin!  Ang mas masama, hanggang ngayon, ginagago tayo! At ang maraming pulitiko't opisyal ng gobyerno, kasapakat nila!

NESTOR

Palibhasa, nakikinabang silang lahat!

**Imahe sa telon:  Ang tatsulok ng lipunang Pilipino**

NESTOR

Nilinaw ni Junix kung bakit ang mahirap ay mahirap.

**Imahe sa telon: Mga retrato ng pagkawasak ng kabundukan; mga minahan**

NESTOR

Kung paanong kaming mga katutubo ay inagawan, at inaagawan pa, ng lupaing ninuno.  May tawag si Junix doon . . . development aggression.

AMELIA

At kung paanong hanggang ngayon, kami ay nananatiling biktima ng sistema.

NESTOR

Gaya ninyo, gaya nating lahat.

AMELIA

Si Junix, si Junix…  Naroong magkasakit siya, malaria… Tiniis lang niya.

NESTOR

Kahanga-hanga… Isinantabi niya ang pansariling asenso para tumulong sa mga gaya namin.

AMELIA

(Basag ang tinig.)  Ano ba ang krimen niya para parusahan siya?

*Tahimik na umiiyak sina MR at  MRS ETRATA.*

NESTOR

Nitong Huwebes, bumaba siya, lumuwas ng Maynila. Magpapagamot.  Kokontak din siya sa mga kaibigan na nangako ng tulong sa amin.

DOMY

First time bang lumuwas ng Maynila si Junix mula nang tumira sa inyo?

NESTOR

Hindi po.  Pangatlo na. ‘Yung unang dalawa, walang problema.

AMELIA

Dapat Linggo, nakabalik na siya. Pero kahit text, wala.

DOMY

Baka naman nag-lowbat lang, o nawalan ng load.

NESTOR

Gagawa at gagawa ng paraan si Junix. Madiskarte siya, hindi gaya ng ibang kasama diyan.

SONIA

Sinabi ba niya na kakatagpuin niya ang gelpren . . . ang nobya niya?

NESTOR

Opo. Tinukso pa nga namin siya.

SONIA

Sinabi ba niya kung ano ang pangalan ng nobya niya?

NESTOR

Hindi po.

AMELIA

Ngayon na lamang namin nalaman.  Maricel.

**Ikatlong tagpuan: Bahay nina Maricel, hapon**

*Nasa bahay na si MARICEL. Mag-uusap sila ng nanay niyang si "SONIA."*

SONIA

(Pormal.) Maricel! Dumating ka na pala!

MARICEL

(Nakangiti.) Bakit parang gulat na gulat kayo?

SONIA

Aktibista ka na pala!

MARICEL

Po?

**Imahe sa telon: Video ng rali sa Mendiola**

SONIA

Napanood kita sa TV kanina! Sa news! Kitang-kita ko! Sumisigaw ka pa!

MARICEL

(Tahimik muna.) Opo… Pero hindi ko po tinapos ang rali.

SONIA

Hindi ako interesado kung tinapos mo o hindi ang rali… Kailan ka pa naging aktibista?

MARICEL

Isang taon po matapos barilin si Tatay. Sumali ako after one year. 'Yun po

ang aking deadline.

SONIA

Anong deadline ang pinagsasasabi mo diyan?

MARICEL

(Basag ang tinig.) Sabi ko po sa sarili ko, kung pagkatapos ng isang taon ay wala pa ring mangyari sa kaso ni Tatay, sasali na ako sa mga aktibista.

SONIA

Bakit nga? Akala mo ba ay matutuwa ang Tatay mo sa ginawa mo? Ang Tatay mo nga mismo, unyonista pero ayaw sa mga aktibistang raliyista!  Isa pa, maibibigay ba ng mga aktibista ang katarungan?

MARICEL

'Yun po ang bukambibig nila. Sabi nila, "Ang katarungan ay makakamit lamang kung magkakaisa sa paglaban ang lahat ng pinagkakaitan ng katarungan!"

SONIA

At bumilib ka naman?

MARICEL

Opo.  Sino pa nga ba ang dapat magkaisa at lumaban kundi ang mga biktima ng kawalan ng katarungan?

SONIA

Aktibista ka na nga!  Naiintindihan mo ba ang pinapasok mo?

## 6. ANG PAMILYA NI JUNIX

**Unang tagpuan: Isang government office sa Davao, araw**

*Nagsusulat sa isang mesita ang tatay ni Junix na si MR ETRATA, isang local government employee. Maraming papeles sa mesita. Darating si DELIO, human rights worker.*

***Teksto sa telon: Davao City***

DELIO

Maayong buntag, Mr. Etrata. (Magandang umaga po, Mr Etrata.)

MR ETRATA

Maayong buntag! (Magandang umaga.)

DELIO

(Makikipagkamay.) Si Delio ko.

MR ETRATA

(Makikilala ang pamilyar na mukha ng kaharap.) A! Ikaw tong pirmi sa news!

DELIO

Human rights worker ko.

MR ETRATA

O, ikaw lagi! Kumusta ang mga kasong gisampa ninyo sa korte?

DELIO

Di namin alam kung ano ang mangyayari. Sabi nung mga hinabla namin, nag-iimbento lang kami.

MR ETRATA

Bilib ko sa imo, sa inyo. (Bilib ako sa iyo, sa inyo.) Mga isog… (Matatapang kayo…) Teka, ako ba ang sadya mo, iho?

DELIO

Mr Etrata, 'wag kayong mabibigla. Ang inyong anak na si Junix….

MR ETRATA

Unsa? (Ano?)

DELIO

Nawala si Junix.

MR ETRATA

(Gulilat.) Unsay nahitabo? Nganong nawala? (Anong nangyari? Bakit nawala?)

DELIO

'Yun ang report ng aming national office sa Manila. Sinabihan ako na impormahan kayo.

*Darating si MRS ETRATA, nakauniporme ng gurong pampubliko.*

DELIO

(Kay MRS ETRATA.) Maayong buntag. (Magandang umaga po.)

MRS ETRATA

(Nakangiti.) Hello! (Hahalik kay MR ETRATA.) Maagang natapos ang miting namin sa school. Don't mind me. (Akmang lalayo.)

MR ETRATA

Join us, Emma.  You must meet Delio.

*Makikipagkamay si DELIO kay MRS ETRATA.*

MRS ETRATA

(Masaya.) Hi, Delio!

MR ETRATA

Dunay balita…  bahin kay Junix.  (May balita siya . . . tungkol kay Junix.)

*Bigla ang pagbabago ng mukha ni MRS ETRATA, kumakabog ang dibdib.*

**Ikalawang tagpuan:  Selda sa kampo militar, gabi**

*Nakalugmok si JUNIX.  Nag-uusap ang INTEL OFFICER at INTEL AGENT 3.*

INTEL OFFICER

Matibay ang bwakanang inang ito.  Tatlong araw na, ayaw pa ring bumigay!

INTEL AGENT 3

E ser, kung wala talagang alam, paanong bibigay?

INTEL OFFICER

High ranking 'yan, kaya nga nasa Order of Battle!  Kaya nga may patong sa ulo..! Palibhasa, matindi ang brainwashing ng mga 'yan.  Kahit buhay, iaalay para sa kilusang komunista. (Aawit.)  "Ang magbuhos ng dugo para sa bayan/ ay kagitingang hindi malilimutan/ ang buhay na inialay sa lupang mahal/ mayaman sa aral at" – ano nga 'yun?  "Kadakilaan."

*Pagkarinig sa awit, gagalaw si JUNIX.*

INTEL OFFICER

(Tatawa.) Aktibista rin ito, bro, aktibistang agent, hehehe!

*Balik sa unang tagpuan.*

MRS ETRATA

(Basag ang tinig.) Nag-text si Junix sa akin, four days ago siguro.  Nag-happy birthday.  Advanced greetings daw… Kinumusta ko siya.

DELIO

Nag-ingon ba siya kon asa siya?  (Sinabi po ba niya kung nasaan siya?)

MRS ETRATA

Sa probinsya daw.

DELIO

Unsang probinsya?  (Ano pong probinsya?)

MRS ETRATA

He didn't mention.

MR ETRATA

(Kay MRS ETRATA.) Sinabi niya na magbyahe siya sa Manila, right?

MRS ETRATA

O!  O diay no! (Oo!  Oo nga pala!)

DELIO

'Yun din ang huling location niya, Manila!

MRS ETRATA

Unsay tan-aw nimo? (Ano ang palagay ninyo?) Unsay nahitabo sa akong anak? (Ano ang nangyari sa aking anak?)

DELIO

Suspetsa namin, gidukot siya.

MR ETRATA

Nino? Bakit?

*Darating si NOEL, nakababatang kapatid ni Junix.*

NOEL

(Masaya.) Hi, folks! Saan natin ise-celebrate ang birthday ni Ma? (Magugulat nang makita si DELIO.) Delio!

MR ETRATA

Magkakilala kayo?

NOEL

Of course, Pa! (Kay DELIO.) Anong ginagawa mo rito?

DELIO

Noel, ikaw sana ang gusto naming unang impormahan, pero . . . I decided pumunta na agad sa father mo… Bad news.

MR ETRATA

Missing daw ang Kuya mo, Noel!

NOEL

Oh no!

*Iiyak na ang nagpipigil na si MRS ETRATA.  Yayakapin siya ni MR ETRATA.*

MRS ETRATA

(Humahagulhol.) Noel!  Noel!

NOEL

Ma….

MRS ETRATA

Tama na!  Tama na!  Paghunong na sa pag-aktibista!  (Tumigil ka na sa pag-aaktibista!) Ayokong gumaya ka sa Kuya Junix mo!  One activist in the family is enough..!  Tingnan mo ang nangyari sa Kuya mo!

*Hindi makapagsalita si NOEL, nakayuko lamang.   Tutunog ang cell phone ni DELIO.*

DELIO

(Sasagutin ang cell phone.)  Hello?  (Gulat.) Kinsa ka?  (Sino kayo?) Naa na mo sa gawas? (Nasa labas na kayo?)  Paano n'yo nalamang narito ako..? Ah, okey, kadali lang.    (Sa pamilya ETRATA.)  Excuse me.  Me kakausapin ako sa labas. Urgent daw. . . tungkol ke Junix.

MR ETRATA

Papasukin mo dito! O sasamahan na kita!

MRS ETRATA

Stay here!

DELIO

Oo nga, sir.  Ako na lang.  Isasama ko sila dito. (Aalis na.)

NOEL

I am sorry, Ma, Pa….

MRS ETRATA

(Umiiyak.) Halos araw-araw, lagi kong sinasabi, balita lang sa dyaryo at telebisyon . . . na di mangyayari sa aking anak. May ginukot, may gipatay, kung saan-saan sa buong Pilipinas! May patay, bugbog-sarado. Pag babae naman, ni-rape. Unsa na'y nahitabo sa atong nasud? (Ano na ang nangyayari sa ating bayan?) Asan na ang mga responsableng lider?

MR ETRATA

Ayun, pinupuri ang mga General Palparan!

MRS ETRATA

Pinapakiramdaman ko ang mga tao… Aba, di kumikibo! Parang walang nangyari. Wa lang sa ila. (Wala lang sa kanila.) Ngayon, ang balita ay ang anak ko na palang si Junix..! At ako, tayo na pamilya niya, ang umiiyak!

MR ETRATA

(Kakalmahin ang asawa.) Emma….

NOEL

Kaisa natin ang buong movement, Ma.

MRS ETRATA

Noel! Kaya nasa peligro si Junix, dahil sa movement na iyan!

NOEL

Ma….

MRS ETRATA

Dili ba?  Dili ba?  (Hindi ba?  Hindi ba?)

*Limang  putok ng baril mula sa labas ang titigil sa kanilang pag-uusap. Mula rin sa labas, maririnig ang ingay ng motorsiklong papalayo.*

SIGAWAN (OFF STAGE)

(Sa labas.)  Ay!  Dios mio!  Gipusil ang tawo!  Gipusil ang tawo!  (Ay!  Diyos ko po!/ Binaril ang mama!  Binaril ang mama!)

NOEL

Si Delio!  (Tatakbong palabas.)

MRS ETRATA

Noel!

*Magdidilim. Exit na silang lahat.*

**7. ANG PAMILYA NI MARICEL**

**Unang tagpuan: Kampo-militar, gabi**

*Gulanit ang damit, gusgusin si MARICEL.  Binabasa ng INTEL OFFICER  ang kanyang sinulat na talambuhay.*

INTEL OFFICER

(Kalmado.) Kumpleto ba itong sinulat mo?

*Tatango si MARICEL.*

INTEL OFFICER

Ano nga ang tawag ninyo dito..? Talambuhay? Lahat kayo, pinapasulat ng ganito bago tanggapin sa kilusan, di ba?

*Hindi sasagot si MARICEL.*

INTEL OFFICER

Puta ka! Bakit hindi mo isinulat dito na Anakbayan ka? Na ang tatay mo ay namatay sa welga?

MARICEL

Matagal na po akong hindi Anakbayan. Ang tatay ko, matagal na ring patay. Hindi welgista, pero pinatay!

INTEL OFFICER

(Ngingisi.) Bakit, sino ang pumatay?

MARICEL

(Titingnan ang INTEL OFFICER.) Hindi ko alam. Kayo, baka alam ninyo!

**Ikalawang tagpuan: Strike area, gabi**

*Flashback ito ni MARICEL. Patungo sina SONIA, "MARICEL," at ang AMA NI MARICEL sa strike area.*

**Imahe sa telon: Video ng welga ng mga manggagawa**

SONIA

(Medyo iritable.) Bakit mo pa sila kukumustahin, Doming?

MARICEL

Oo nga, ‘Tay! Saka hindi ba delikado dito sa welga? Baka magkagulo!

SONIA

Madamay tayo!

AMA NI MARICEL

Hindi naman ako magtatagal.

*Naghahapunan ang MGA WELGISTA; walang mesa, kanya-kanyang pwesto, dala ang pinggan. Malamig ang pakitungo nila sa AMA NI MARICEL; bahagya na nilang batiin. Ang LIDER-UNYONISTA lamang ang makikipag-usap sa kanya. Nasa tabi sina SONIA at "MARICEL."*

LIDER-UNYONISTA

(Magiliw.) Doming, nadalaw ka!

AMA NI MARICEL

Mangungumusta lang.

LIDER-UNYONISTA

Eto, nakakaraos pa! Kain ka!

AMA NI MARICEL

Huwag na. Gusto ko lang tanungin kung . . . kung hanggang kailan pa ang welga.

LIDER-UNYONISTA

Depende kung hanggang kailan magmamatigas ang manedsment.

AMA NI MARICEL

Paano kung abutin ng isang buwan, dalawang buwan?

LIDER-UNYONISTA

Eh di welga ng isang buwan, dalawang buwan.

AMA NI MARICEL

Huwag tayong masyadong magmatigas. Simeon, may alok naman ang manedsment sa atin. Bakit hindi pa natin tanggapin?

LIDER-UNYONISTA

Doming naman. Bago tayo nagwelga, sinuma ng unyon ang atraso ng manedsment, alam mo iyan. Ang sinasabi mong alok ng manedsment ay wala pa sa kalahati ng dapat ibigay sa atin, ayon sa batas.

AMA NI MARICEL

Pero baka nga nalulugi ang kompanya, at hindi nila kaya ang ating mga hinihingi.

LIDER-UNYONISTA

Pambihira ka naman, Doming! Nangulubot na ang balat mo sa pagiging manggagawa, madali ka pa ring maniwala sa kapitalistang dumedenggoy sa 'yo!

AMA NI MARICEL

Nagugutom ang mga pamilya natin!

LIDER-UNYONISTA

Matagal na silang nagugutom, lalo na ang pamilya ng mga welgista! Pero ang pamilya ng mga hindi sumasama sa welga, malayang nakapagtatrabaho!

AMA NI MARICEL

Kung ang tinutukoy mo ay ako, mali ka! (Sa MGA WELGISTA, malakas.) Alam kong pinaghihinalaan ninyo ako! Mali kayo! Hindi ako nag-eeskirol!

WELGISTA 1

Eh bakit ngayon ka lang ulit nagpunta dito sa strike area?

WELGISTA 2

Samantalang ang tagal na ng welga natin?

AMA NI MARICEL

Hindi ako nag-eeskirol! Nasa, nasa bahay lang ako!

WELGISTA 1

Anong meron sa bahay ninyo?

WELGISTA 2

Andun ba ang welga?

WELGISTA 3

Pumakat ka dito!  Huwag ‘yong nasa bahay ka lang!

AMA NI MARICEL

Mag-usap ulit tayong lahat!  Baka naman pwedeng itigil na natin ang welga!

LIDER-UNYONISTA

(Matigas.) Tapos na ang pag-uusap, Doming! Wala na sa lugar ang gusto mo!

*Bigla, maririnig ang ingay ng papalapit na motorsiklo.  Anim na putok ang maririnig, na tatama sa AMA NI MARICEL at sa LIDER-UNYONISTA. Kagulo.  Papalayo na ang motorsiklo.*

SONIA

(Hilakbot.) Diyos ko po!  Doming!  Doming!

MARICEL

Tatay!

*Biglang magdidilim sa strike area.  Exit na ang lahat. Balik ang aksyon sa unang tagpuan.*

INTEL OFFICER

Ilang araw ka nang missing, Maricel?

MARICEL

Tatlo po.

INTEL OFFICER

Pag umabot na kaya ng mga linggo at mga buwan, kaya mo pang bilangin? (Lalapit kay MARICEL at hahagurin ang kanyang buhok.)  Paano kung – (Biglang susunggaban si MARICEL at tatangkaing halikan ito.)

*Iiwas at sisigaw si MARICEL.*

**Ikatlong tagpuan:  Selda ni Junix, gabi**

*Dinig na dinig ni JUNIX ang pangmomolestiya kay MARICEL, na masigasig na nagtatanggol sa sarili bagaman umiiyak at nagmamakaawa.  Walang magagawa si JUNIX kundi ang manggipuspos at  mapaiyak.*

MARICEL

(Sa INTEL OFFICER.) Huwag!  Huwag!  Maawa ka!  Hayup!  Hayuuup!

*Patuloy ang INTEL OFFICER sa panghahalay kay MARICEL. Wala siyang tigil sa luhaang pagsigaw.*

JUNIX

Tiigilan n'yo iyan!  Mga hayup!  Masahol pa kayo sa hayup!

MARICEL

(Umiiyak.) May anak ka ring babae, maaaring kaedad ko! O kapatid na babae! O mga pinsang babae! Isipin mo sila! Paano kung gawin sa kanila ang ginagawa mo sa akin ngayon?

*Matitilihan ang INTEL OFFICER sa sinabi ni MARICEL, titigil sa panghahalay.*

MARICEL

Kung may kasalanan kami, bakit hindi ninyo kami ihabla sa korte? Bakit ganito ang ginagawa ninyo sa amin..? Diyos ko po, diyos ko po!

INTEL OFFICER

Komunista, tumatawag sa diyos, bah!

**Ikaapat na tagpuan: Bahay nina Maricel, gabi**

*Darating si SONIA sa kanilang bahay, bitbit ang isang malaking bag ng mga damit na ukay-ukay. Pagod siya, uupo. Naroon na si "MARICEL."*

MARICEL

Inay! Dumating na pala kayo!

SONIA

Kanina ka pa ba?

MARICEL

Opo! Hindi ko kayo napansin! Masyado akong na-engross sa paggawa ng assignments ko.

SONIA

(Hindi makapaniwala.) Gumagawa ka ng assigments mo?

MARICEL

Pero patapos na po!  Isang report na lang..!  At tinulungan ko na rin sina Jun-jun at Marie sa mga homework nila! (“Bubuhatin” ang bag na dala ng  ina.) Sus, ang bigat nitong dala ninyo!

SONIA

(Kay MARICEL.) Hmm, naninibago ako sa ‘yo… Seryoso ka na ngayon sa buhay. Totoo na ba iyan?

MARICEL

Nanay, kelan ba naman ako hindi naging seryoso sa buhay?

SONIA

(Bubuksan ang bag at ipapakita ang laman.)  Tingnan n’yo munang magkakapatid ang mga ito, ang gaganda!  Sinong makapagsasabing ukay-ukay ang mga ito?  Isukat ninyo bago namin ibenta ni Mareng Rosing.

MARICEL

Nabawasan na naman ang paninda ninyo.  Sabi ninyo, mahina na ang bentahan.

SONIA

Mahina na nga. Kasi, ang dami nang nagsulputang ukay-ukay kung saan-saan. (Tatayo at mawawalan ng panimbang.) Ay!

MARICEL

Nanay..!  Dahan-dahan!  Upo ulit kayo!

*Uupo si SONIA habang inaalalayan ni "MARICEL."  Mamasahihin ni "MARICEL" ang ulo at likod ni SONIA.*

SONIA

(Masarap ang pakiramdam.) ‘Yan ang nami-miss ko, ang masahe mo, anak… (Hihikbi.) Kung buhay lang sana ang tatay ninyo . . . kahit paano, dalawa kami.

MARICEL

Nanay . . . nagpaalam na po ako sa mga kasamahan ko sa organisasyon.  Kasi, wala kayong katulong sa paghahanapbuhay, at tatlo kaming magkakapatid. Ayaw nila, pero ano ang magagawa nila kung gusto ko nang mag-lie low..? (Basag ang tinig, may pait.) Hindi na po ako aktibista, Nanay!

*Magyayakap sila.  May maririnig silang tumatawag.*

JUNIX

(Nasa ikatlong tagpuan.) Tao po!  Tao po!

MARICEL

(Sa sarili.) Si Junix! (Mabilis na magpapahid ng luha.)

SONIA

Sino?

MARICEL

Kaibigan ko po! (Dudungaw sa bintana.)

JUNIX

Maricel?

MARICEL

(Gulilat.)  Junix! God, anong ginagawa mo dito?

JUNIX

Hindi mo ba ako papatuluyin?

SONIA

Boypren mo?

MARICEL

Naku, hindi po!  Si Nanay….

SONIA

Eh bakit excited ka?

MARICEL

Hindi po ah!

SONIA

Bakit parang sinisilihan ang puwet mo?

MARICEL

(Mabubuo sa imahinasyon ang sinabi ng ina.)  Sili sa puwet? Ang hapdi naman noon, Nanay!

SONIA

Bakit nga?

MARICEL

Eh kasi po, hindi ko alam na pupunta siya dito!  Hindi po ako sanay na may bisita!

SONIA

Magandang punto.  Sino ba siya sa buhay mo?

MARICEL

Kaklase ko po.

SONIA

Kanina kaibigan.  Ngayon, kaklase.  Bakit ka niya binibisita?  Nanliligaw sa 'yo?

MARICEL

Hindi po, Nanay…  Bayaan ninyo, itatanong ko sa kanya.

SONIA

Eh kung ako kaya ang magtanong?

MARICEL

Ako na lang po!  Please..!

SONIA

(Iirap.) Sige.  Papanhikin mo na.

MARICEL

(Kay "JUNIX.") Tuloy ka…  (Pabulong.) Anong ginagawa mo dito?

JUNIX

Ano pa, dinadalaw ka!

MARICEL

Boses mo… May sakit lang ang dinadalaw… Ano ang sasabihin ko kay Nanay, bakit ka bumisita sa akin?

JUNIX

'Yung totoo.  Bawal magsinungaling, hindi ba?

MARICEL

Gusto mo akong lalong pasistahin ng nanay ko? In the first place, itinanggi ko na ang relasyon natin!

JUNIX

Bakit?

MARICEL

Binigla mo kasi ako! Hindi ka man lang nagsabi na pupunta ka dito.

JUNIX

Ito ang tinatawag na surprise.

MARICEL

Surprise ka diyan!

JUNIX

Galit ka ba pa sa akin?

MARICEL

Hmmp!

JUNIX

(Kay "SONIA.") Gandang gabi po!

SONIA

Magandang gabi!

JUNIX

Maricel, huwag kang ganyan! Pinapanood tayo ni Nanay!

MARICEL

At nakiki-Nanay!

JUNIX

Pinapanood tayo talaga!

SONIA

Totoo ba?  (Kakalmahin ang sarili.) Na-nanonood pa ba?

JUNIX

(Lilinga.) Hindi na.

MARICEL

(Lilinga rin; kukurutin si JUNIX.)  Kung wala kang importanteng sasabihin, huwag ka nang magtagal!

JUNIX

Hindi ba importante ‘yung I love you forever?

MARICEL

I love you forever ka diyan… Delikado sa iyo ang pagala-gala.  Di ba mainit ka na?  Under surveillance ka na, di ba?

JUNIX

Sinigurado ko naman na walang sumusunod sa akin eh. (Tutunog ang cell phone; kukunin at babasahin niya ang mensahe.)

MARICEL

O, ano, hinahanap ka na ng mga kasama, ano?

JUNIX

O-oo. Emergency meeting daw.

MARICEL

At syempre, mas mahalaga sila kesa sa akin.  Kaya aalis ka na.

JUNIX

Pinapaalis mo rin naman ako, di ba?

*Tahimik si MARICEL.*

JUNIX

Sige, aalis na ako. (Dahan-dahang tatayo.)

MARICEL

Ito ang sinasabi ko, Junix, ito…  Walang mangyayari sa relasyon natin, sa buhay natin.  Kung magkakatuluyan tayo, laging uunahin mo ang movement, ang masa, ang bayan.

JUNIX

Naiintindihan mo naman kung bakit, hindi ba?

MARICEL

Oo naman.  Kaya binabayaan na kita.  You are free… Free!  Sana, palayain mo na rin ako. (Tahimik na luluha.)

*Balik sa unang tagpuan sa kampo-militar. Patuloy ang interogasyon ng INTEL OFFICER kay MARICEL.*

INTEL OFFICER

Ganyan naman kayong mga aktibista!  Pag nahuhuli, tanggi lahat!

MARICEL

Maniwala kayo, hindi na ako aktibista!

*Balik sa ikaapat na tagpuan, sa bahay nina Maricel. Nag-uusap pa rin sina "MARICEL" at "JUNIX."*

MARICEL

Magre-resign na ako sa organisasyon!

JUNIX

Ang tigas ng ulo mo! Akala ko pa naman, nakakaintindi ka na! Anong nangyari sa lahat ng pag-aaral natin?

MARICEL

Wala. Hindi ko nakuha ang katarungan para sa aking tatay. Napabayaan ko si Nanay sa pag-aasikaso ng aming pamilya. At -- kung hindi ako titigil sa pagiging aktibista, pati sa pag-aaral ko, wala ring mangyayari!

JUNIX

Para kang hindi namulat.

MARICEL

Nabulagan nga ako eh! Nasayang ang panahon ko sa pag-aaktibista!

JUNIX

Sa sinabi mong iyan, masahol ka pa sa pinaka-reaksyonaryong nakilala ko!

MARICEL

Manhid! Napakasakit mong magsalita..! Kaya nga, magre-resign na ako! Lie low na ako. At break na tayo! Dahil ang bagay sa iyo, 'yung paris mong panatiko! (Iiyak.) Para ka nang robot, alam mo ba iyon? Wala nang laman iyang utak mo,

at puso mo, kundi pulitika, pambansang demokrasya..!  (Lalong magpapaawa.) Pati anniversary natin, nakalimutan mo na!

JUNIX

Teka, teka! Di ba, bukas pa iyon?

MARICEL

(Pasigaw.) Ngayon na! As in today! (Iiyak.)

*Maiiwan ang ilaw kay JUNIX.*

## 8. ANG MASA

**Tagpuan:  Eskinita sa isang komunidad ng maralitang lungsod, gabi**

Hinahabol ng INTEL AGENT 1, 2, at 3 si “JUNIX.”  Kasalubong nila ang MATANDANG LALAKI na umaarteng lasing.

INTEL 3

Hoy!  Wala ka bang nakakasalubong na lalaking tumatakbo?

MATANDANG LALAKI

Lalaking tumatakbo?

INTEL 2

Oo!

MATANDANG LALAKI

Hik, meron!

INTEL 1

Nasaan?

MATANDANG LALAKI

(Ituturo ang mga kausap.) Ayan, hik! Kayong tatlo! Di ba tumatakbo kayo? Di ba lalaki kayo? (Tatawa.)

INTEL AGENT 3

Tangnamo!

MATANDANG LALAKI

Tenkyu! (Tumatawa.)

INTEL AGENT 2

Kundi ka lang matanda na't lasing pa, inupakan na kita eh!

MATANDANG LALAKI

Tenkyu agen!

INTEL AGENT 1

Aba'y talagang – (Bubunutin ang baril.)

INTEL AGENT 3

'Wag mo nang patulan 'yan! Ano ka ba!

INTEL AGENT 2

*Aalis na ang INTEL 1, 2, at 3.*

MATANDANG LALAKI

(Susundan ng tingin ang mga INTEL; magiging normal na ang kilos; tatawagin si "JUNIX.") Psst! Palayo na sila! Ligtas ka na!

*Eksena kay JUNIX.*

JUNIX

Salamat po… Paano ninyo nalaman na –

MATANDANG LALAKI

Na me mga humahabol sa ‘yo? (Bahagyang tatawa.)

*Darating ang MATON, may dalang kadenang panghataw.*

MATON

Dun pa lang sa bukana, pinapanood ka na namin, at ‘yung mga humahabol sa ‘yo!

MATANDANG LALAKI

Lusot ka na, bro!

MATON

O, ano, ipapagulpi ba natin ‘yung mga tarantadong sumusunod sa ‘yo?

MATANDANG LALAKI

Sa itsura na lang, mga intel ‘yon!

JUNIX

(Nagtataka.) Kilala ninyo ako?

MATANDANG LALAKI

Aktibista ka, hindi ba?

*Hindi tiyak ni JUNIX kung sino ang mga kausap niya, kaya tatahimik lamang siya.*

MATANDANG LALAKI

Napapanood ka namin sa TV. Nagsasalita ka sa mga demonstrasyon. Sabi mo, ang masa ay naghihirap at inaapi! Ang masa ay dapat ipagtanggol! Ang masa ay dapat lumaban! Tama ba?

JUNIX

Tama po.

MATANDANG LALAKI

Kabilang kami sa masang ‘yon!

MATON

Hindi mo ako sinasagot, bro. Ang tanong ko, ipapagulpi ba natin ‘yung mga intel na kumukursunada sa ‘yo? May mga kakosa tayong nag-aabang sa duluhan!

JUNIX

Huwag na po!

*Magdidilim sa eskinita; maiiwan ang ilaw kay JUNIX.*

**Ikalawang tagpuan: Tambayan ng mga aktibista sa kampus, araw**

*“Nagpipinta” ng mga islogan sina JIMMY, SONNY, at ILAN PANG AKTIBISTA. Ilaladlad ng isa ang katatapos (mga totoong placard), na ang nakasulat ay ITIGIL ANG PAMAMASLANG AT PAGDUKOT SA MGA AKTIBISTA! Isa pa ang magpapakita ng SURFACE JUNIX ETRATA AND MARICEL SALVACRUZ!*

NINA

(Darating, may dalang mga gamit sa eskwela.) Hi, guys….

*Tinginan sina SONNY at JIMMY.*

JIMMY

Oh, hi, Nina! Nice to see you . . . again!

NINA

(Ilalabas ang application form.)  I thought hard about it… I really wanna join. (Iaabot kay JIMMY.) Here.

JIMMY

Ano ito?

NINA

Ang application form ko.

SONNY at JIMMY

Yesss!

NINA

Sorry, ha? About the last time? Guess I got a bit too jittery. What I heard was just, just too much too soon..! But then again –

SONNY

What?

NINA

Ito ang reality sa Pilipinas.  And if I wanna stay, I gotta face up to it.

SONNY at JIMMY

Yesss!

*Sa selda, iiinteroga ng INTEL OFFICER, INTEL AGENT 1, 2, at 3 si JUNIX. May bangko sa isang tabi. Hawak ng INTEL OFFICER ang talambuhay na ipinasulat sa detenido. Galit sila, dahil ang sinulat ni JUNIX ay hindi kumpleto.*

INTEL OFFICER

Kami pa ang lolokohin mo? Kahit hindi mo isinulat dito, alam namin na Party member ka!

*Tahimik lamang si JUNIX.*

INTEL OFFICER

Marami kang alam..! Sino si Sancho?

*Hindi sasagot si JUNIX. Susuntukin siya ng INTEL OFFICER*.

INTEL OFFICER

Ikaw si Ka Sancho! Ka Sancho ang pangalan mo sa pakikibaka, ang alyas mo!

INTEL AGENT1

Nag-underground ka na, di ba?

INTEL AGENT 2

Underground ka na!

*Sa tambayan ng mga aktibista, patuloy sa pagpapaliwanag si NINA.*

JIMMY

We’re glad. Nagbago ang isip mo!

NINA

Yes.

JIMMY

But why?

NINA

I explained that already. I got nervous. But who wouldn't be? There I was –

SONNY

Pwedeng . . . pwedeng Filipino?

NINA

Oh, alright… As I was saying, ninerbyos ako. Kasi, 'yung pinag-uusapan ninyo, it was about Junix being abducted, right?

SONNY

Right. Junix.

NINA

Junix. Right.

*Sa selda ulit.*

INTEL OFFICER

Ano ang ginagawa mo sa Zambales? Bakit doon ka na nakatira sa mga magsasaka? Sa mga Ita?

JUNIX

Gawaing masa ang tawag namin doon.

INTEL OFFICER

Alam namin ang katarantaduhang gawaing masa ninyo! Kunwari, titira kayo sa mahihirap, tutulong sa kanila!

INTEL AGENT 1

Pero ang totoo, taktikang Komunista 'yun para gamitin sila!

INTEL AGENT 2

Pag nakuha na ninyo ang tiwala ng mahihirap, susulsulan ninyo sila para lumaban sa gobyerno!

INTEL OFFICER

Pinalalabas ninyong masama ang gobyerno! Walang silbi ang gobyerno! Walang nagagawang mabuti ang gobyerno! Bulok ang gobyerno!

JUNIX

Eh ano pa nga ba?

*Bibirahin ng INTEL OFFICER si JUNIX.  Lilipat ang aksyon sa mga aktibista.*

NINA

It's big news, the abduction of Junix and Maricel. I got scared.

SONNY at JIMMY

Kilala mo ba sila?

NINA

Yes! I mean, no!  I mean…  Junix, I know.  Everybody in the campus does. Passionate student leader, magaling mag-explain ng issues, and I have to admit, he's guwapo.

*Sa selda, kukunin ng INTEL AGENT 3 ang isang audio player at paaandarin.*

INTEL AGENT 3

Pakinggan mo itong mabuti.

*Maririnig na ang audio:*

Speaker 1: Tiyakin mong makontak si Doc tungkol sa lagay ni Apong Miguel.

Speaker 2: Pangako po.

Speaker 1: Lumalala siya. Hindi na siya makakain. Kabado na kami. Baka hindi na siya tumagal.

Speaker 2: Ipapaliwanag ko po ang sitwasyon.

Speaker 1: Kailangang makumbinsi mo si Doc na sumama sa iyo para matingnan si Apong Miguel!

Speaker 2: Gagawin ko po ang lahat!

*Ihihinto ng INTEL AGENT 3 ang audio player.*

INTEL OFFICER

Sino si Doc?

JUNIX

Hindi ko alam.

*Babanatan ulit si JUNIX.*

INTEL OFFICER

Sino ang mga nag-uusap?

JUNIX

Hindi ko alam.

*Babanatan ulit si JUNIX.*

INTEL OFFICER

Isa ka sa mga nag-uusap!  Ikaw ‘yung kokontak ke Doc!  Ang kausap mo ay si Kumander Pidyong, kumander ng NPA sa Zambales! ‘Yung may sakit ay si Apong Miguel, ang kalihim ng Partido sa probinsya.  Malala na ang lagay niya. Pero hindi ninyo alam kung ano'ng sakit niya!  Kaya gusto ninyong ipagamot sa totoong doktor.  Kaso, wala na kayong doktor.  Kasi, inambus na namin!

JUNIX

Wala akong alam sa mga iyan!

INTEL AGENT 3

(Hawak ang tape recorder.) Recording ito ng usapan ninyo sa cell phone!

INTEL AGENT 2

Kung kaya naming gawin ke Garci, kaya naming gawin sa inyo, kaya naming gawin kahit kanino, (sa manonood) kahit kanino sa inyo!

*Lipat-aksyon sa tambayan ng mga aktibista.*

NINA

I was raised in the States, but that doesn’t make me white, will always be colored.  Don’t get me wrong.  I have wonderful friends in the States.  But I feel I will never belong there. So I told my parents, I wanted to try it out in the Philippines. And since I knew I had to  learn about the country, naisip ko, to join a really nationalist and people-oriented organization.

SONNY

Palakpak naman ang tenga namin!

NINA

(Nakangiting Malaki.) Do I speak like an Anakbayan already?

JIMMY

Yes!

NINA

Well, thank you!

JIMMY

Anakbayan USA!

SONNY

(Kay JIMMY.) Ano ka ba!

*Tapos na ang eksena sa tambayan; exit na silang lahat. Sa selda, igagapos ng mga sundalo si JUNIX, ihihiga sa bangko. Tatakpan nila ng tuwalya ang mukha nito at sisimulan nang buhusan ng tubig ang ilong. Ito ang tinatawag na water cure, o water boarding, kung katawagan ng mga Kano sa Guantanamo. Tila nalulunod ang pakiramdam ng ginagamitan nito. Nagpapapalag si JUNIX. Ilang saglit pa, ihihinto nila ang pagpapahirap, aalisin ang tuwalya sa mukha ni JUNIX.*

INTEL AGENT 1

Kasama ka sa mga nagreyd sa army detachment sa Malaking Ilog, di ba? Sinamsam ninyo mga baril namin! Tatlo ang napatay ninyo dun!

INTEL AGENT 2

'Yung isa, bagong gradweyt pa ng PMA..! Para ke Lt. Mendoza ito! (Biglang sasapakin si JUNIX.)

JUNIX

Uhh….

INTEL AGENT 3

Pag inamin mo na ikaw ang ugnay ng mga armadong NPA sa mga di-armadong NPA, ‘yung mga nagrarali-rali,  hindi ka na namin sasaktan.

JUNIX

Hindi ko alam ang mga sinasabi ninyo!  Wala kayong makukuha sa akin!

*Darating sina ROXY at BONG, kapwa may suot na ski mask.*

INTEL OFFICER

(Kay JUNIX.) Humarap ka sa kanila!

*Pipigurahang mabuti ng dalawa si JUNIX. Iiling sila, na ang ibig sabihin ay hindi nila kilala si JUNIX.  Sesenyas ang INTEL OFFICER para ilabas ng INTEL AGENT 1 at 2 ang gulapay na si JUNIX.  Maiiwan sina BONG, ROXY, INTEL OFFICER, at INTEL AGENT 3.  Huhubarin na ng dalawa ang ski mask nila.*

INTEL OFFICER

Tiningnan ninyo bang mabuti ang mukha?

*Tatango sina ROXY at BONG.*

INTEL OFFICER

Kilala ninyo?

*Iiling sina ROXY at BONG.*

INTEL OFFICER

Sigurado kayong hindi ninyo kilala?  Hindi pa ninyo nakasama o nakita sa mga pulong?

*Tinginan sina ROXY at BONG. Yuyuko si BONG.*

ROXY

Hindi, ser.

INTEL AGENT 3

Gaddem.  Paano kayo magwi-witness kung hindi pala ninyo kilala?

INTEL OFFICER

Pwede naman.  Kailangan lang ang praktis.

INTEL OFFICER

Gaddem.  Problema pa, putok na sa media itong kaso nina Junix!

INTEL AGENT 3

Putang-inang media kasi 'yan!

INTEL OFFICER

Si CO ay nakapangako na kay General Palparan.  At si General Palparan naman ay nakapangako na kay Secretary Gonzales. May dedlayn si Presidente para tapusin na ang insurgency – twenty ten.

INTEL AGENT 3

Twenty-ten!

## 9.  ANG PAGHAHANAP

**Unang tagpuan:  Press conference, umaga**

**Imahe sa telon:  Video ng domestic airplane na nagla-landing**

*Dumating na sa Maynila sina MR at MRS ETRATA.  Kalahok na sila sa isang press conference, kasama ni SONIA. Si MYRNA ang nagpe-preside.*

MYRNA

I wish to acknowledge the presence of Mr and Mrs Etrata who travelled all the way from Davao City to join us in this press conference.

*Tatayo sina MR at MRS ETRATA at uupo ulit.*

**Imahe sa telon:  Mukha nina Maricel at Junix.**

MYRNA

At syempre, para sumama sa paghahanap sa mga nawawala… Let me start by saying a mantra… Never again to martial law.  Iyan po ang sigaw tuwing inaalala ang panahong nagdaan noong nineteen seventies.

*Kikislap ang flash ng mga di-nakikitang kamera, kasabay ng mga klik.*

MYRNA

Maging ang survivors ng martial law ni Marcos, halos hindi makapaniwala na nauulit ang mga salvaging at pagdukot sa mga aktibista at kritiko ng gobyerno. Aba, ang mga ito ang best practices ng martial law! And now, pakinggan natin si Mrs Sonia Salvacruz, ang ina ng nawawalang si Maricel Salvacruz.

SONIA

(Humihikbi; hirap sa pagsasalita danil hindi sanay.) Hindi po kriminal ang anak kong si Maricel Salvacruz.  Mabuting anak siya, na ang pangarap ay makatulong sa akin sa pagpapalaki ng kanyang mga kapatid. (Iiyak na.)

*Kikislap ang flash ng mga di-nakikitang kamera, kasabay ng mga klik.*

MRS ETRATA

Bakit naman po ganoon . . . bakit?

MR ETRATA

Pakiusap ito ng mga magulang na talagang nakakakilala sa pagkamakabayan ng kanilang mga anak.  Ilabas ninyo ang aming si Junix.

MRS ETRATA

Kung may nilabag silang batas, may mga korte tayo. Titser ako, at itinuturo ko sa mga estudyante na ang Pilipinas ay isang demokrasya. (Mariin.) Mali ba ako?

MYRNA

Totoo pong nakapag-aalala ang deklarasyon ng administrasyong GMA sa usapin ng insurgency….

**Imahe sa telon:  Isang TV newscast**

DOMY

Dagdag pa ni Myrna Natividad, nakakapag-alala ang pahayag ng administrasyong GMA na ang insurgency  ay tutuldukan ng AFP pagsapit ng taong 2010.

MYRNA

Isa lamang ang ibig sabihin nito:Lalong darami ang mga paglabag sa mga karapatang pantao, na malinaw na best practices ng martial law ni Marcos.

DOMY

Samantala, itinanggi ng Armed Forces of the Philippines at Philippine National Police na may kinalaman sila sa huling kasong ito ng pagkawala

ng mga aktibista. Bwelta ng AFP at PNP, lumang tugtugin ng Karapatan na paratangan sila ng human rights violations. Ang tanong: Paano ipapaliwanag ang dumaraming pagkawala at pamamaslang sa mga aktibistang kritiko ng gobyerno? Habang hindi ito nasasagot, sina Junix Etrata at Maricel Salvacruz ay mananatiling estadistika sa seryosong human rights deterioration sa Pilipinas… Ito po si Domy Ferrer, nag-uulat para sa TV AlterMedia.

*Exit na ang lahat sa presscon habang napapanood ang newscast.*

**Ikalawang tagpuan: Opisina sa kampo-militar, araw**

*Sina SONIA, MR at MRS ETRATA, MYRNA, ATTY QUISUMBING, at DOMY ay magkakasama sa opisina ni COL QUILALA. Maya-maya'y narito na ang koronel.*

COL QUILALA

(Makikilala si MYRNA.) O, Ms Human Rights! you are here again!

MYRNA

(Makikipagkamay.) Colonel Quilala –

COL QUILALA

(Makikipagkamay.) Sino naman ang hahanapin mo sa akin this time?

MYRNA

Junix Etrata at Maricel Salvacruz po. Missing since March 24.

COL QUILALA

Oh, yes… Bilib ako sa lakas ninyo sa media! Bugbog-sarado kami sa TV at dyaryo… (Papansinin ang iba pa.) I suppose sila ang parientes?

*Tatango si MYRNA.*

ATTY QUISUMBING

And I am Atty Rafael Quisumbing, Colonel, counsel ng mga kamag-anak ng mga nawawala.

*Magkakamayan sila.*

COL QUILALA

(Kay MYRNA.) At bukod sa kanila, nagsama ka pa ng reporter! (Kay DOMY.) Ikaw si Ferrer, right? Domy Ferrer!

DOMY

Yes, Colonel.

COL QUILALA

Napanood ko 'yung huling report mo, partner. And the one before that! You really put us in a bad light, partner. Me galit ka ba sa military?

DOMY

Bakit naman ninyo naitanong iyan, sir?

COL QUILALA

Iba eh! Iba ang dating ng mga report mo!

DOMY

I am simply taking off from your spokesperson's statements, sir. I quote him, generously. Reporter lang po ako. Hindi ako ang nag-iisyu ng statements o gumagawa ng mga pangyayari… Baka kailangang mag-workshop ang spokesperson ninyo. Or better yet, have your organization address the issues, seriously.

COL QUILALA

(Matalim ang tingin kay DOMY, sira na ang diskarte.) Anyway….

*Ipapakita ni MYRNA kay COL QUILALA ang retrato nina Maricel at Junix.*

COL QUILALA

No!  They are not in my custody!  Why should they be here?  Who the hell gave you people the idea that they are here?

*Sina SONIA, MR at MRS ETRATA, MYRNA, at DOMY ay malungkot na maglalakad sa audience area, malayo ang tanaw. Si ATTY QUISUMBING ay maiiwan sa entablado para sa susunod na eksena.*

**Ikatlong tagpuan:  Korte, araw**

*Hearing sa korte.  Presente ang MILITARY COUNSEL, JUDGE, at si ATTY QUISUMBING.*

MILITARY COUNSEL

To reiterate, wala sa custody ng AFP ang sinasabing missing persons, Your Honor.  We have presented our report, including some confidential documents. We are concerned, in fact, na tuwing may nawawalang aktibista, bakit sa amin hinahanap?

ATTY QUISUMBING

Your Honor, in the issue of today's papers –

MILITARY COUNSEL

Today's papers could be reporting yesterday's lies!

JUDGE

You are out of line, Officer!

MILITARY OFFICER

I take it back, Your Honor.

JUDGE

At any rate, Attorney Quisumbing, I cannot oblige the military or police na ilabas ang mga taong sinasabi nilang wala sa kanila kung walang kang ebidensya. Show me ample evidence so I can decide in your favor.  Otherwise….

**Imahe sa telon:  Newscast na kinunan sa isang public cemetery**

DOMY

Sa sementeryo humantong ang paghahanap ng mga pamilya ng nawawalang Junix Etrata at Maricel Salvacruz.  Ito ay matapos silang pumunta sa morge ng San Ildefenso kahapon para kilalanin ang dalawang bangkay na naroon, na hindi naman ang kanilang mga kaanak.  Sinikap naming interbyuhin ang mga pamilya ng mga biktima pero tumanggi muna sila.  Ang nagpaunlak ay si Sister Josefina Torres.

DOMY

Sister, bakit kayo kasama sa paghahanap ng mga nawawalang aktibista?

SISTER JOSEFINA

(May ID: Sr. Josefina Torres, STJ.) Bahagi ito ng aming ministry, ang makiisa sa naghahanap ng katotohanan at katarungan, lalo na kung ang involved ay public interest o ang higit na nakararami. My congregation is much concerned about the seeming culture of impunity these days.

DOMY

Ang sabi ng ilan, sister, nakikialam raw kayo sa pulitika.

SISTER JOSEFINA

Pulitika? Ito ang realidad, ito ang buhay, ito ang lipunan. If it happens to be political, so be it. We are not the ones who made it political. But political or not, saan pa kami makikialam kundi sa mga usaping ito, right here, right now!

DOMY

Hindi ba kayo natatakot, sister?

SISTER JOSEFINA

Natatakot syempre. Sino ba naman ang hindi? Pero we need to be courageous; and courage does not only mean the absence of fear. Courage means doing the right thing, standing up for justice and truth, despite the fear. Then you overcome the fear.

**Ikaapat na tagpuan: Awditoryum, araw**

*Sa isang human rights forum, nagsasalita sina at MR at MRS ETRATA. Nakaupo sa isang panig ang ninenerbyos na si SONIA.*

MR ETRATA

Gaya ninyong kabataan, si Junix ay maraming pangarap para sa sarili, sa kanyang mga kapatid, sa amin… Pero lahat iyon, naging last priority nang siya ay maging aktibista. I couldn't believe it! What force could have overwhelmed my son?

*Isang flashback ang magaganap sa bahay ng mga Etrata sa Davao, kasabay ng pagpapatuloy ng porum sa awditoryum.*

**Ikalimang tagpuan: Bahay nina Junix sa Davao, araw**

*Umuwi si JUNIX sa Davao.*

NOEL

(Sasalubungin ang dumarating na si "JUNIX.") Kuya!

JUNIX

(Nasa selda sa kampo militar; sasalubungin si "NOEL.") Noel!

NOEL

Gisorpresa na pod mi nimo! (Sinorpresa mo na naman kami!) Mom, Dad! We have a visitor!

JUNIX

Kumusta na, little brother! Uy, morag mitambok ka ah! (Uy, tumaba ka yata ah!)

NOEL

Medyo lang! Ikaw, Kuya, mukhang pumayat ka!

JUNIX

Halata ba..? Daming trabaho eh.

MR ETRATA

(Nasa ikaapat na tagpuan.) Hey, look who's here!

JUNIX

Dad! Mano po!

MR ETRATA

God bless you, iho!

MRS ETRATA

(Nasa ikaapat na tagpuan; kausap ang audience.) Tuwing uuwi si Junix, masayang-masaya kami!  Palibhasa, paminsan-minsan  lang siyang makauwi sa Davao!  Napansin namin ang transformation niya everytime na uuwi siya. Naging mas magalang siya, mas considerate, mas mature.

*Mag-iiba ang ilaw sa bahay ng mga Etrata, na kinaroroonan ni NOEL, tanda ng paglipas ng mga araw.  Ngayon, abala sina "JUNIX" at NOEL (nakaupo at may mga hawak na papel) sa paggawa ng isang  questionnaire.*

MR ETRATA

Busy ang duha ka aktibista!  (Busy ang dalawang aktibista!)

JUNIX

Part ito ng thesis ko sa social work and community development, Dad.

MR ETRATA

Ows!  Baka part ng activist development!

JUNIX

Well, mass work na rin namin sa YS.

MR ETRATA

Explain the jargon.  Di lahat ay nakakaintindi sa inyong vocabulary. YS?

JUNIX

Youth and students, Dad. Nag-o-organisa kami sa isang community.  Mga kabataang out of school. Gusto ng parents nila, turuan namin.  So, gumagawa ako ng module para sa history class nila.

MR ETRATA

Ug unsa man pod ang papel ni Noel diha? (At ano naman ang papel ni Noel dyan?)

NOEL

I am the critic!  Sabi ko, gawin niyang illustrated ang materials. Tipong komiks!

MR ETRATA

At ang gagawa noon ay walang iba kundi ikaw, dahil fine arts ka.

NOEL

But of course – the Great Filipino Artist!  Pero me questions pa ako sa content ng module, Dad.

JUNIX

Unsa na pod?  (Ano na naman?)

MRS ETRATA

(Sa audience.) Malalim nang mag-isip ni Junix... Hindi sa agree kaming mag-asawa sa lahat ng kanyang sinasabi.  Pero bilib kami sa kanyang social consciousness… Saan dinala ng ganoong social consciousness ang aming anak?  Hindi namin alam.

MR ETRATA

Pero saan man iyon, sigurado akong hindi sa kasamaan.  And so I plead to this government which I serve as a public servant, please do not demonize my son and the activists.

MRS ETRATA

You are looking for demons?  Look somewhere else – and you know where!

MR ETRATA

Activists are citizens, and they have a right to due process!

MRS ETRATA

Except, as I have been saying, kung di na tayo isang demokrasya.

*Masigabong palakpakan. Ang luhaang si SONIA ay tatayo para umalis.*

JIMMY

(Pipigilin si SONIA.) Ma'am, kayo na po ang susunod na magsasalita!

SONIA

Ay, ayoko!  Sinabi ko naman sa inyo! Hindi ako pwede sa mga ganyan! (Mabilis na aalis.)

**Imahe sa telon: Video ng rali ukol sa human rights.**

**Ikaanim na tagpuan:  Bahay nina Maricel, gabi**

*Sa bahay, sasalubungin  ni SONIA sina MRS at MR ETRATA, na may dalang tig-isang maleta.*

SONIA

Upo, upo! Pasensya na kayo.  Hindi na ako nakapaghintay na matapos ang programa.

*Yayakapin siya ni MRS ETRATA.*

SONIA

Buti pa kayo.  Matapang kayo.  Ako, hindi.

*Uupo na sina MR at MRS ETRATA.*

MRS ETRATA

Di kami matapang.  In fact, konti lang ang sympatya ko sa activism.  Kasi, nagugulo ang mga pamilya.  But now, this experience is making me an activist!

SONIA

Parang ganoon na nga ang pakiramdam ko.

MRS ETRATA

Pasensya na kung nagpilit kaming mag-stay dito.  Kailangang magkakilanlanan tayo. Alam mo na, dahil sa mga anak natin.

*Mula sa labas, maririnig ang ingay ng isang motorsiklo, na titingnan ni SONIA.*

SONIA

(Nakatanaw sa "bintana.") Paano natapos ang porum?

MRS ETRATA

Ay, ang ganda!  Nag-standing ovation ang audience!

MR ETRATA

Nagsigawan sila.  Katarungan  kina Junix at Maricel!  Katarungan sa lahat ng biktima ng extrajudicial killings at pagdukot!

*May makikitang nakakasindak si Sonia sa kalsada.*

SONIA

Diyos ko po!

*Maririnig ang papalayong ingay ng motorsiklo.*

MR AT MRS ETRATA

Bakit, Sonia?/ Ano 'yon?

SONIA

O diyos ko po!

*Sabay na titingnan nina MR at MRS ETRATA ang kalyeng tinatanaw ni SONIA.*

MR ETRATA

Anong nakita mo?

SONIA

'Yung motorsiklo, riding in tandem! Naglabas ng baril 'yung isang lalaki, at itinutok dito sa bahay! Sa atin! (Sindak na sindak.)

MRS ETRATA

(Yayakapin si SONIA.) Oh my god!

**10. PANININDIGAN**

**Unang tagpuan: Selda, kampo-militar, gabi**

*Magyayakap nang mahigpit sina JUNIX at MARICEL pagkaalis ng INTEL AGENT 1 at 2 na naghatid sa babae sa selda ng lalaki. Unang pagkakataon ito na pinagsama silang dalawa mula nang sila ay dukutin. Madamdamin ang reunion nila. Pasa-pasa sina JUNIX at MARICEL. Sa selda ay may inidoro, baterya ng kotse, electric cables, at electric clamp, at balde ng tubig.*

MARICEL

(Pagkakita sa mga tanda ng tortyur sa katawan ni JUNIX, hihikbi.) Diyos ko po, diyos ko po!

JUNIX

Patawarin mo ako, Maricel. Nadamay ka sa akin.

MARICEL

Hindi mo kasalanan.

JUNIX

Anong ginawa nila sa 'yo?

*Impit ang unang bulalas ng iyak ni MARICEL. Yuyugyog ang mga balikat niya sa pag-iyak. Yayakapin siya ng kasintahan.*

JUNIX

Anong itinatanong nila sa 'yo?

MARICEL

(Huhupa na ang iyak.) Marami . . . tungkol sa iyo… Huwag kang mag-alala. Wala akong sinabi. Hindi ko naman talaga alam kung ano ang ginagawa mo, kung ano ka sa kilusan… Galit sila dahil wala silang nakuhang cell phone sa atin. Sabi ko, siguro nahulog nung hinablot nila tayo.

JUNIX

Ganun din ang sinabi ko.

MARICEL

Gusto nilang maging agent ako, para mag-espiya, maging DPA, sa kilusan. Hindi

na daw ako kailangang magpakahirap sa call center… Siguro, lahat ng torture, ginawa na nila sa iyo.

*Tatayo si JUNIX, hahakbang palayo. Darating ang INTEL AGENT 3 at 4, naninigarilyo. Sapilitan nilang ibubuka ang bunganga ni JUNIX upang patayin ang upos ng sigarilyo doon. Impit ang daing ni JUNIX.*

*Darating ang INTEL AGENT 1 at 2 at INTEL OFFICER. Ilulublob nila ang mukha ni JUNIX sa inidoro. Pagtutulungan na nilang kuryentehin si JUNIX. Ikikiskis ng INTEL AGENT 2 ang dalawang kable. Huhubarin ng INTEL AGENT 1 ang pantalon ni JUNIX, bubuhusan siya ng tubig at kukuryentihin na sa ari. Nakakahilakbot ang sigaw ni JUNIX. Aalis na ang lahat ng tortyurer.*

JUNIX

Hindi raw nila mapuksa-puksa ang kilusan dahil suportado ng legal ang ilegal. NPA na walang baril ang tawag nila sa mga aktibistang nagdedemonstrasyon. Para sa kanila, walang ipinagkaiba ang dalawa. Lahat, terorista.

MARICEL

Paano tayo ngayon, Junix? Paano tayo makakaligtas?

JUNIX

Magpakakatag tayo, Maricel. Ihanda natin ang sarili natin sa pinakamahirap.

MARICEL

Ikaw, handa. Ako, hindi.

*Magyayakap silang dalawa.*

MARICEL

Paano ang maging matatag, Junix? Paano?

JUNIX

Natatandaan mo ‘yung pinag-aralan natin tungkol sa paglilingkod sa sambayanan?

*Tatango si MARICEL.*

JUNIX

Sa pakikibaka, karaniwang pangyayari ang kamatayan.  Pero kung ang kapakanan ng sambayanan ay nasa puso natin --

MARICEL

(Humihikbi.) Sinasabi mong mamamatay na nga tayo. Hopeless panatiko ka na talaga!

JUNIX

Ang punto ko lang naman, tulungan natin ang ating sarili para lumakas ang ating loob.  Huwag nating kalimutan na nasa panig tayo ng katwiran at katarungan.

MARICEL

Nasasabi mo iyan dahil, dahil wala kang maliliit na kapatid.

JUNIX

May kapatid rin ako, di ba? Si Noel? Nag-aalala nga ako para sa kanya. Aktibista rin siya, sa probinsya.

*Mag-iilaw sa isang panig. Naka-headset ang INTEL AGENT 1 at 2, nakikinig sa usapan nina JUNIX at MARICEL.  Bugged pala ang kinaroroonan nila at dinig na dinig ng mga ahente ang kanilang usapan.  Magta-thumbs up sign ang INTEL AGENT 1 at 2.  Samantala, sa seldang  kinaroroonan nina JUNIX at MARICEL, darating ang INTEL OFFICER.  Ihahagis niya ang dalang dyaryo sa dalawa.*

INTEL OFFICER

Pasalamat kayo, buhay pa kayo!  Di paris niyang nasa dyaryo, basahin ninyo! Antimano, patay agad!  Hah!  Pastor iyan ha!  Pero dahil komunista, isang bala lang siya!  Amen!

*Babasahin nina JUNIX at MARICEL ang dyaryo.*

## 11.  ANG SAKSI

### Unang tagpuan:  Kumbento, araw

**Imahe sa telon:  Kumbento**

*Nagtitipon na sina MYRNA, SISTER JOSEFINA, SONIA, MR at MRS ETRATA. Darating si ATTY QUISUMBING, may dalang bag.*

ATTY QUISUMBING

Sister, hindi mo pa ba ipinakikila sa kanila ang inyong bisita dito sa kumbento?

SISTER JOSEFINA

Hindi pa, Atorni. But now that you are here, susunduin ko na siya. Sandali lang. (Aalis.)

ATTY QUISUMBING

Actually, nainterbyu na ni Myrna ang sinasabi kong bisita natin.  Hindi ninyo siya kilala. But as sure as I am standing here, matutuwa kayo sa kanya.

*Heto na ulit si SISTER JOSEFINA.*

SISTER JOSEFINA

(Lilingon.) Halika na, huwag kang mahiya.

*Papasok na ang kiming si PILO.*

ATTY QUISUMBING

Siya si Mang Pilo… Nang dukutin ng mga armadong lalaki sina Junix at Maricel, naroon siya. Kitang-kita niya ang buong pangyayari.

SONIA

Oh, diyos ko po!

MRS ETRATA

My god!

MR ETRATA

Mang Pilo!

*Matatahimik ang lahat, naghihintay sa pagsasalita ni PILO.*

PILO

Ako po'y isang security guard… Katatapos pa lang ng aking duty noon. Bumili ako ng kape at biskwit sa Vendo dahil nagugutom ako. Nagpunta sa park. Madilim pa noon, lagpas four o'clock ng madaling araw.

*Sa puntong ito, maririnig ang sumusunod:*

INTEL AGENT 1

Walang makikialam! NPA kami! NPA kami!

JUNIX

Bakit? Bakit? Anong kasalanan namin?

INTEL AGENT 2

Taas ang kamay! Taas!

JUNIX

Sino kayo? Anong kasalanan namin..? Aktibista kami! Tulungan ninyo kami! Aktibista kami!

MARICEL

Junix --! (Ang sigaw ay mapapalitan ng pag-ungol sa pagtakip ng isang kamay sa kanyang bibig.)

PILO

Nang marinig ko ang sigaw ng lalaki, na aktibista sila, alam ko na agad kung sino ang mga de-baril na dumudukot sa kanila.

*Katahimikan.*

PILO

Kahit alam kong delikado, pinilit ko pa ring tingnan kung saan dinala ang dalawang dinudukot. Isinakay nila sa isang van. Nailawan ang plate number ng van… Isinulat ko.

ATTY QUISUMBING

Ni-research na namin ang plate number. And what did we find out..? Plate number iyon ng isang government vehicle!

SONIA

(Tuwang-tuwa, hahawakan ang kamay ni PILO.) Marami pong salamat, Mang Pilo!

*Hihikbi si MRS ETRATA, kakamay din kay PILO, at gayundin si MR ETRATA.*

PILO

Ayaw kasi akong patahimikin ng konsyensya ko . . . hanggang hindi ako

nagsasalita.  Alam ko, sa mga nangyayari ngayon, maraming saksi.  Pero walang gustong magsalita.  Siguro, natatakot.  O simpleng walang pakialam.

MR ETRATA

Bakit kayo nakikialam?

PILO

Panahon ni Marcos.  Meron akong kuya, aktibista, pinakamatalino sa aming magkakapatid.  Siya ang pag-asa namin.  Pero tumigil siya sa pag-aaral dahil nag-aktibista nga.  Sumama ang loob ko sa kanya.  Nag-martial law, nag-underground siya.  Dinukot siya ng militar. Maraming saksi.  Pero walang naglakas-loob na lumabas at magsalita.   Hindi na namin siya natagpuan… Kailan pa tayo kikilos, kailan pa tayo makikialam . . . kung tayo na ang biktima? Kung ubos na ang mga Pilipinong nagmamalasakit sa bayan?

ATTY QUISUMBING

Nang makalayo na ang mga dumukot kina Junix at Maricel, may ginawa pa si Mang Pilo.  (Kukunin ang dalawang cell phone mula sa bag.)

PILO

Kinuha ko ang mga iyan sa basurahan.  Itinapon ng lalaki…  Paulit-ulit nagriring ang mga iyan noon.  Siguro, kayo ang tumatawag. Hindi ko sinagot.  Hindi pa ako desidido kung makikialam ako o hindi.

SONIA

Cell phone ‘yan ni Maricel!  (Kukunin ang cell phone, iiyak.)

*Aaluin ni MYRNA si SONIA.*

ATTY QUISUMBING

Kung hindi ako nagkakamali, ito ang cell phone na birthday gift naming mag-asawa kay Junix.

*Iinspeksyunin nina MR at MRS ETRATA ang cell phone. Iiyak na talaga si MRS ETRATA. Aaluin siya ng asawa.*

ATTY QUISUMBING

Uusad na ang kaso natin sa korte, hopefully.

***Imahe sa telon: Mga desaparecido at biktima ng EJK (may mga ID)***

**Ikalawang tagpuan: Korte, umaga**

*Nakikinig ang JUDGE sa pagtatapos ni PILO. Handa nang mag-argumento si ATTY QUISUMBING at ang MILITARY COUNSEL.*

PILO

'Yun po ang lahat nang nakita at narinig ko, Your Honor.

ATTY QUISUMBING

Your Honor, na-establish na namin, beyond doubt, ang veracity ng testimonya ng witness, insofar as the plate number of the van is concerned! At nakapagharap na po kami ng ebidensya na ang plate number ay naka-assign sa government vehicle, which we traced to be confidential military vehicle.

JUDGE

What does the military counsel say?

MILITARY COUNSEL

(Kukunin ang dalawang folder mula sa bag, itataas ang isa.) Your Honor, I have here a police blotter.  Pinapatunayan po nito na ang van na sinasabing ginamit sa pagdukot sa dalawang diumano'y biktima, ay kinarnap sa Quezon City isang linggo bago ang diumano'y pagdukot kina Junix Etrata at Maricel Salvacruz sa Taft Avenue.  I am hereby submitting this document as Annex M.

ATTY QUISUMBING

Let me examine that, Your Honor, at gayundin ang police authority na pinagmulan ng dokumento.

MILITARY COUNSEL

Your Honor, meron pa po akong gustong i-submit sa korteng ito.  (Itataas ang ikalawang folder.)  Ito po ay isang police report, resulta ng imbestigasyon sa pagkawala ng van na sinasabing ginamit, diumano, sa pagdukot.

JUDGE

Proceed.

MILITARY COUNSEL

Sabi ng police report na ito, lahat ng ebidensya ay nagtuturo sa isang pangkat na responsable sa pagkarnap sa van -- ang komunistang NPA.

ATTY QUISUMBING

Oh, god, here we go again….

MILITARY COUNSEL

The only logical conclusion is that the NPA also perpetrated the double abduction.  NPA ang dumukot sa kapwa nila NPA na sina Junix Etrata at Maricel Salvacruz, using a stolen government vehicle!

ATTY QUISUMBING

Tinututulan ko po ang sinabi ni Col. Desierto na sina Junix Etrata at Maricel Salvacruz ay NPA!  Irelevant iyan sa kasong ating pinagtatalunan. Eh ano kung NPA sila, assuming that they are?  Dahilan ba iyon upang sila ay dukutin at pagkaitan ng kanilang mga karapatan?

JUDGE

Sustained.

ATTY QUISUMBING

Ang unang tanong ko po, kaugnay ng nakakatawang diumano'y ebidensya ng aking kumpanyero, ay "bakit."  Bakit, kung sinasabi niya na rebelde sina Junix at Maricel, bakit sila kikidnapin ng mga kasamahan nila?

MILITARY COUNSEL

Dahil may mga kasalanan sila sa kilusang rebelde!

ATTY QUISUMBING

Predictable!

MILITARY COUNSEL

True, Your Honor…  (Isa pang folder ang kukunin at iwawasiwas.)  Narito po ang madugong account ng pamumurga o purges ng kilusang komunista! Libo-libo ang pinahirapan at pinatay nila – sarili nilang members – dahil inakusahan nila ng kung ano-anong krimen laban sa kanilang kilusan.  Ito po ay sworn statements ng survivors ng nasabing communist purges.

ATTY QUISUMBING

Irrelevant, Your Honor… In the fIrst place, my pañero is referring to the 1980s, two decades past!

MILITARY COUNSEL

Pañero, spokesman ka ba ng CPP-NPA?

ATTY QUISUMBING

Kung oo, ano ang gagawin mo? Ipapadukot mo ako? You must be reminded that Republic Act 1700 which outlawed communism and the communist party has been repealed by Repubic Act 7636!

MILITARY COUNSEL

I believe RA 9372, or the Human Security Act of 2007, has reinstated --

JUDGE

Stop! That debate has no place in my court! You are both our of order!

*Katahimikan.*

ATTY QUISUMBING

(Sa MILITARY COUNSEL.) Pañero, give me something that is directly connected to the case at hand!

*Hindi makakasagot ang MILITARY COUNSEL.*

ATTY QUISUMBING

Wala? Nakalimutan n'yong mag-manufacture ng bagong ebidensya?

MILITARY COUNSEL

Objection, Your Honor!

## 12. CULTURE OF IMPUNITY

### Unang tagpuan: Sa bahay nina Maricel

*Nasa bahay ulit sina SONIA, at MR at MRS ETRATA, kasama sina ATTY QUISUMBING, MYRNA, at DOMY.  May maririnig na tunog ng text sa cell phone.*

SONIA

(Ninenerbyos na binabasa ang text sa hawak na cell phone.) Emma, ano nga ulit ang pangalan ng kapatid ni Junix?

MRS ETRATA

Noel. Bakit?

SONIA

Susmaryosep!  Baka ito siya! (Ipapakita ang text message kay ATTY QUISUMBING.)

*Makikibasa sina DOMY, MR at MRS ETRATA. Lahat ay manghihilakbot.*

**Teksto sa telon:  (Sa cell phone) Itinumba na namin si Noel, kapatid ni Junix. Iisa-isahin namin kayong lahat pag di kayo tumahimik!**

DOMY

Relax lang tayo!  Let's verify, let's verify!

*Biglang magri-ring ang cell phone ni MRS ETRATA.*

MRS ETRATA

Hello?  (Manlalaki ang mga mata.) Oh my god! Hindi!  Hindi totoo!

MR ETRATA

Emma! Emma! Bakit?

*Ipapasa ni MRS ETRATA ang cell phone niya kay MR ETRATA, na siyang makikipag-usap. Pigil-hiningang tatahimik ang lahat.*

MR ETRATA

Hello!  Oo, ako nga!  (Makikinig; tapos na ang tawag sa cell phone.) Kapatid ko sa Davao ang tumawag. Ang anak naming si Noel, younger brother ni Junix, binaril! Riding in tandem na naman!

*Gulantang ang lahat.*

ATTY QUISUMBING

Is he alive?

*Hindi sasagot si MR ETRATA.*

DOMY

Buhay po ba si Noel, sir?

MR ETRATA

Yes, buhay ang aming anak. Isinugod sa ospital.

MYRNA

Thank God..!  Kung hindi culture of impunity, ewan ko na kung ano ito!

*Tutunog ang cell phone ni DOMY, babasahin niya. Hihilahin niya si MYRNA sa isang panig at ipapakita ang text.*

MYRNA

(Gulat na gulat.) Kanino galing iyan?

DOMY

Malay!  Numero lang.

MYRNA

(Gets DOMY's cell phone again and reads it.)  Concerned barangay resident… Totoo kaya ito?

DOMY

(Kukunin ang cell phone.) There's only way way to find out.  Puntahan natin ang address na ito!

MYRNA

Now na?

DOMY

Now na!  I'm feeling a strong reporter's hunch! Scoop ko ito!

ATTY QUISUMBING

Hey, what’s up?

DOMY

May nagtext po sa akin…  May koneksyon kina Junix at Maricel.

SONIA

Anong koneksyon?

MYRNA

Hindi po sinabi!  Basta gusto ng nag-text, puntahan siya ni Domy!  May ibinigay na address!

MRS ETRATA

Wait, wait! Huwag kayong padalos-dalos! Remember ‘yung ikinwento namin sa inyo? Yung nangyari kay Delio sa Davao? ‘Yung human rights worker na nag-inform sa amin na missing si Junix?

MR ETRATA

Habang nag-uusap kami, may tumawag sa phone niya. Pinuntahan niya.

MRS ETRATA

It was a trap! Binaril siya!

MR ETRATA

Right outside my office! Patay si Delio!

MRS ETRATA

Peligroso, Domy!

SONIA

Oo nga!

DOMY

Journalist po ako. It comes with the territory. (Aalis na.) See you later, folks!

MYRNA

(Hahabol.) Sama ako, hoy!

*Maririnig ang mabilis na pag-start at arangkada ng kotse.*

**Ikalawang tagpuan: Sa bahay ni Lola Tetay, araw**

*Tunog ng tumitigil na kotse, at makalawang ulit na isinasarang pinto.*

DOMY (VO)

Tao po!  Tao po!

*Heto na si LOLA TETAY, hirap sa paglalakad.*

LOLA TETAY

Sandali!

*Heto na rin sina DOMY at MYRNA. Magugulat si LOLA TETAY.*

LOLA TETAY

Susmaryosep!  Hindi ko pa kayo pinapatuloy, ayan na kayo agad!

DOMY

Kayo po ba si Lola Tetay?

LOLA TETAY

Anong lola!  Apo ba kita?

DOMY

Pwede po!  Ako po si Domy, TV AlterMedia, ang latest ninyong apo.

MYRNA

Si Myrna po ako, Karapatan, human rights worker.

LOLA TETAY

Hmm.  Domy. Myrna.

DOMY

Ako po ang tinext ninyo.

LOLA TETAY

Hindi ako ang nagtext.  'Yung totoong apo ko.  Mahusay mag-research 'yun.

MYRNA

So, andito na po si Domy.  At ako.

LOLA TETAY

Kung kayo nga ang sinasabi ninyong kayo, kayo nga!

*Magtitinginan sinA DOMY at MYRNA. Magdidilim.*

**Ikatlong tagpuan:  Sa opisina ng Judge, araw**

*Maririnig ang motor ng kotseng humahaginit sa daan, biglang magpepreno, biglang aarangkada.  Maya-maya pa, sa silid ng JUDGE, umiinom na si LOLA. Pinapaypayan siya ni MYRNA. Naroon na rin si ATTY QUISUMBING.*

LOLA TETAY

Cristeta Ranillo po ang pangalan ko. Ordinaryong mamamayan lang po, senior citizen na.  Sa bahay, lagi akong nanonood ng balita sa TV.  Ayoko ng malalaswang palabas, ‘yung mga halos nakapanti at bra lang na walang tigil sa pagkembot kahit walang tugtog.

JUDGE

Lola, bakit gusto ninyong tumulong sa kaso ng dalawang nawawalang aktibista?

LOLA TETAY

Aba, eh, walang tigil ang patayan at pagdukot, na wala namang nahuhuling salarin, di po ba? Tapos, kaliwa't kanan pa ang eskandalo sa gobyerno!  Me Cha-Cha ni Gloria! Hello Garci! ZTE!  Meron pang Spratly!  At iyang animal na si Joc-joc Bulate na dating undersecretary ba na kaibigan ni Mike na first gentleman, numero unong bulaan!

JUDGE

Bilib ako sa inyo, Lola!

LOLA TETAY

Ano kanyo?

JUDGE

Sabi ko, bilib ako sa inyo!

LOLA TETAY

Bakit naman po, Your Honor?

JUDGE

Updated kayo sa latest happenings!

LOLA TETAY

Dapat!  Ang tanong: Ano na ang nangyayari sa bayan natin, aber?

JUDGE

Lola, sabi nila, meron daw kayong nakita.

LOLA TETAY

Anong nakita?

ATTY QUISUMBING

'Yun pong plate number ng sasakyan, na nakagarahe malapit sa bahay ninyo!

JUDGE

Kaninong bahay iyon, Lola?

LOLA TETAY

Kina Engineer Edgar Fernandez.  Nasa Amerika na ang pamilya niya, kaya pinauupahan. Ang sabi, mag-asawa ang umuupa, mag-asawang walang anak. Pero nagtataka ako.  Hindi normal.  Kahit dis-oras ng gabi, me dumarating na mga bisita.  Iba-ibang kotse at motorsiklo.

ATTY QUISUMBING

Tungkol naman po sa plate number.

LOLA TETAY

(Mag-iisip muna.) Ah, oo!  Isinulat ko sa papel, dahil ako'y makakalimutin na. Ilang ulit na ipinakita sa TV ang plate number na 'yon, di ba? Wika ko'y makopya nga, at baka pwede ring matayaan sa lotto o sa jueteng. Isinulat ko sa papel!

JUDGE

Nasaan po ang papel?

LOLA TETAY

Aba eh hiningi sa akin nitong si Mr Atorni!

*Mula sa bulsa, kukunin ni ATTY QUISUMBING ang isang piraso ng papel at iaabot iyon sa JUDGE.*

JUDGE

(Binabasa ang papel.) Sulat-kamay ninyo ito, Lola?

LOLA TETAY

Opo!  Labas-pasok ang van na 'yon sa garahe nila. Natyempuhan ko minsang nagwawalis ako, ang plate number ay pareho sa plate number na nasa news. Iyan nga, iyang nasa papel na iyan!  Noong Sabado, dumating ulit ang plate number, este, ang van… Tapos, nakaamoy na ako ng pintura! Masangsang! Naku, allergic ako sa amoy ng pintura!  Hinihika ako!  Inutusan ko ang aking apo.

Alamin mo kako kung saan nagmumula ang amoy-pinturang iyon at nang mapagsabihan sinumang namemerwisyo! Ayun! Doon mismo sa garahe! Dalawang lalaki, pinipinturahan ng ibang kulay ang van!  Pero tanggal na ang plate!

JUDGE

Kinausap ba ng inyong apo ang dalawang lalaki?

LOLA

Kinausap, porke bilin ko nga!  Aba, ay mga hambog pa!  Wala daw kaming pakialam!  Tinanong ng apo ko kung sino sila!  Ang sagot ba nama'y Abu Sayyaf! Isip yata'y matatakot ako porke sila ay Abu Sayyaf! Kaya nagreport ako sa barangay!

JUDGE

Ano po ang sinabi, o ginawa, ng barangay?

LOLA

Wala! Wala! Kaya ang apo ko, nag-research kung paano makokontak itong madalas magreport tungkol sa mga nawawala at pinapatay na aktibista! Tapos, bumulaga na nga sa akin itong lalaking ito, kasama itong nobya niya!

MYRNA

Ay, Lola Tetay, hindi po ako nobya nitong lalaking ito!

LOLA TETAY

Hindi? Eh, bakit parang close na close kayo?

JUDGE

This is risky. But okay, mag-iisyu ako ng warrant para i-raid ang bahay na sinasabi ng informant na lola ng bayan.

*Magdidilim.*

**Ikaapat na tagpuan: Military intelligence safehouse, gabi**

*Naroon ang INTEL OFFICER at INTEL AGENTS 1, 2, at 3. May tape ang bibig ng umiiyak na si MARICEL. Naka-tape rin ang bibig at nakagapos si JUNIX. Nagkalat ang ilang gamit, armas, at ilang plaka ng sasakyan.*

INTEL OFFICER

(Kay MARICEL.) Sayaw sabi! Sayaw!

*Hindi titinag si MARICEL. Nagpipilit sumigaw at kumawala si JUNIX. Tutunog ang two-way radio.*

INTEL RADIO BASE (VO)

Mercury! Mercury!

INTEL AGENT 3

(Kukunin ang radyo.) Come in, Galaxy!

INTEL RADIO BASE (VO)

Mayday! Mayday! Do you copy?

*Magugulat at mapapahinto ang MGA INTEL AGENT. Babala ang "Mayday" ng isang peligrosong pangyayari.*

INTEL AGENT 3

Please repeat, Galaxy!

INTEL RADIO BASE (VO)

Mayday!  Mayday!

INTEL OFFICER

Gaddem! Mayday? Bakit? Anong nangyayari?

INTEL RADIO BASE (VO)

Mayday!  Mayday! Abandon house!  Abandon house!

*Tuliro ang MGA INTEL AGENT.  Madalian nilang iaabandona ang bahay, kasama sina JUNIX at MARICEL. Tangay rin nila ang mga armas.  Ngunit maiiwan ang ilang gamit at plaka ng sasakyan.*

INTEL AGENT 1

Ser, paano ang van?

INTEL OFFICER

Dalhin mo kung kaya mo!

*Wala na sila sa tanghalan. Maririnig ang mga sasakyang umaalis. Mabilis na susunod ang sirena at ingay ng mga sasakyang dumarating. Tagos kabi-kabila ang sinag na pula't asul ng mga police car.*

***Imahe sa telon:  Reportage ni Domy***

DOMY

Sa isang tila-breakthrough sa imbestigasyon sa serye ng mga pagdukot at extrajudicial killings ng mga aktibista, nireyd ng pulisya ang isang pinaghihinalaang military safehouse sa Barangay Diamante, probinsya ng Bulacan.  Nakuha ng mga pulis ang mga posibleng ebidensya na maaaring makapagbigay-linaw sa Junix Etrata-Maricel Salvacruz double abduction.

*Magdidilim.*

**Ikalimang tagpuan: Beer house, gabi**

*Malakas ang tugtog sa beerhouse. Umiinom si DOMY. Tutunog ang kanyang cell phone.*

DOMY

(Nakikipag-usap sa cell phone.) Hi Myrna..! Ikaw naman… Ayan, dinig mo na ako? Oo, mga media boys ang kasama ko, pero wala pa sila! Walang bold show dito, ano! Beer lang at pulutan… Nagbo-blowout ako. Mataas ang rating ng program ko! Tatlong sunod na araw na! Eto pa ang good news, Myrna! Pumayag ang news manager na gumawa ako ng special report tungkol sa extrajudicial killings at pagdukot sa mga tibak!

*Maririnig ang ingay ng papalapit na motorsiklo.*

DOMY

This Monday, ere na ang part one. (Tatawa.) Tiyak, lalong mapupundi sa akin ang military. Baka ako na ang susunod na itumba..! Natatakot, natural, pero trabaho ito eh. At prinsipyo! O, di ba?

*Tatlong putok ang magpapabagsak kay DOMY. Magdidilim.*

**Ikaanim na tagpuan: Presscon ng militar, araw**

*Nasa isang panig sina BONG at ROXY. Muling magkikislapan ang mga kamera.*

MILITARY COUNSEL

Hindi military safehouse ang bahay na nireyd ng PNP last Tuesday. Safehouse iyon ng isang special operations group ng NPA armed city partisans. Napag-alaman ng Task Force na ang grupo ay nasa direct command ng military commission ng communist party. At this point, gusto naming i-present ang dalawang vital witnesses, mga dating NPA, sina Kumander Roxy at Kumander Bong. Real names, Manuel Remulla at Peter Cordova. Hindi pa natatagalang nasakote namin sila sa isang labanan sa Bulacan. Kumander Roxy?

ROXY

'Yun pong bahay na nireyd ng PNP, talagang ginagamit namin 'yon. Katunayan, doon dinala ng mga kasama namin sina Ka Ana at Ka Sancho.

MILITARY COUNSEL

Sino sina Ka Ana at Ka Sancho? Kumander Bong, pakisagot ang tanong.

*Pero hindi sasagot si BONG, mailap ang mga mata, parang nabulunan.*

MILITARY COUNSEL

Kumander Bong?

*Sisikuhin ni ROXY si BONG. Hindi kikibo si BONG, tila nag-mental blackout.*

MILITARY COUNSEL

(Galit.) Kumander Roxy, ikaw na ang kaya ang sumagot. Sino sina Ka Ana at Ka Sancho?

ROXY

(Atubili.) Si Ka Ana ay si Maricel Salvacruz. Si Ka Sancho ay si Junix Etrata.

MILITARY COUNSEL

Sino sila?

ROXY

Pareho silang mataas na kadre ng NPA sa Central Luzon. Pero mas senior si Ka Sancho.

MILITARY COUNSEL

Pwede mo bang sabihin kung ano ang nangyari sa kanilang dalawa?

ROXY

Silang dalawa ay inaresto ng NPA dahil nilabag nila ang maraming prinsipyo ng Partido.

MILITARY COUNSEL

Gaya ng?

ROXY

May asawa na si Ka Sancho, o Junix, sa probinsya. Pero karelasyon pa rin niya si Ka Ana, o Maricel. Alam ni Maricel na hindi na malaya si Junix, pero okey lang sa kanya na dalawa silang babae sa buhay ni Junix. Tapos, may malaking revolutionary tax na nakolekta silang dalawa. Hindi nila ipinasa sa Partido. Nang malaman nila na iimbestigahan na sila ng Partido, nagbalak silang tumakas. Kaya ipinaaresto na po sila sa NPA.

MILITARY COUNSEL

Paano mo nalaman ang lahat nang ito?

ROXY

Andun po ako nang pinaplano na ang pag-aresto ng NPA sa kanilang dalawa. Pero hindi po ako kasama sa pangkat. Si Bong po ang kasama sa pangkat. G2 po siya.

## 13. ANG MAGBUHOS NG DUGO PARA SA BAYAN

**Unang Tagpuan: Panibagong military intelligence safehouse, gabi**

*Nagkakantahan ang mga naglalasing na INTEL AGENT; bertdey ng INTEL OFFICER. Si ROXY ang nagsisilbi, kinukuha niya ang mga bote ng beer na wala nang laman at nagbibigay ng bago. Nasa isang tabi sina JUNIX at MARICEL, kapwa nakagapos ang mga kamay.*

INTEL AGENTS

(Patapos na ang kanta.) Hapi bertdey tu yu!

*Ipapasok ng INTEL 3 ang nakapiring na si BONG.*

INTEL AGENT 3

Bumati ka kay Ser! Bertdey niya ngayon!

BONG

Hapi bertdey, ser!

*Isang roundhouse kick ng INTEL OFFICER ang magpapahandusay kay BONG.*

INTEL OFFICER

Iho de puta ka, Bong! (Kukuha ng kutsilyo at lalapit kay BONG.) Anong ginawa mo sa presscon? Bakit umurong ang dila mo, ha?

INTEL AGENT 2

Bakit hindi mo sinunod ang pinraktis natin?

*Iwawasiwas ng INTEL OFFICER ang kutsilyo. Aakalain ng lahat na uutasin na ng INTEL OFFICER si BONG, kaya tahimik sila. Pero itataas lang pala niya ang piring ng detenido sa pamamagitan ng patalim.*

BONG

(Umiiyak.) Ninerbyos po ako!  Nakalimutan ko po lahat!

INTEL OFFICER

Galing ka sa cultural, di ba?  Dapat, magaling kang umarte!

BONG

Hindi po kasi totoo ang pinapasabi n'yo eh!

INTEL OFFICER

Tangna mo!  Hindi ka pwede sa mga imbestigasyon sa Senado!  Ipapahamak mo ang administrasyon!

INTEL OFFICER

(Kay BONG.)  Magkaroon ka naman ng silbi bago ka namin ilibing, kasama ng dalawang ito!  Pagsilbihan mo kami!

*Susunod si BONG.  Kokolektahin niya ang mga boteng walang laman. Tuloy si BONG sa pagsisilbi, ngunit malikot ang kanyang mga mata, naghahanap ng pagkakataong tumakas.  Itutulak ng isang  INTEL AGENT si MARICEL sa gitna.*

MARICEL

Hayup!  Hayup! Wala kayong awa!

INTEL OFFICER

Kayo ba, meron? Hindi na kayo naawa sa bayan natin!  Kung itinitigil na ba ninyo ang inyong kilusan, tatahimik na ang bayan!

*Momolestyahin ng INTEL OFFICER si MARICEL*.

JUNIX

Mga hayup kayo!  Mga dimonyo kayo!

INTEL OFFICER

(Titigil sa ginagawa kay MARICEL.) Ka Junix, sobrang liability na kayo. Kailangang idispatsa na kayo… Tsk-tsk-tsk! Pero, sayang naman si Ka Maricel kung hindi namin papakinabangan! (Itutuloy ang pagmolestya kay MARICEL.)

MARICEL

Huwag!  Huwag!

INTEL AGENT 1

Hoy, beer pa dito!

BONG

Nasaan ang beer, Roxy?

ROXY

Andun!

BONG

Opo, ser!

*Pupunta si BONG sa isang panig. Naroon ang dalawang case ng beer.  Lilinga siya sa paligid, magsusuri kung maaari siyang tumakas.  Kukuha siya ng isang case at dadalhin sa MGA INTEL AGENT.  Magsisilbi ulit siya, at kukuha ng isang sisidlan ng yelo.  Tapos, hahakbang ulit siya papuntang garahe.*

INTEL AGENT 1

Oy!  Saan ka pupunta?

BONG

Yelo! Kukuha po ako ng yelo! (Tuloy-tuloy nang hahakbang.)

*Muling magpapalinga-linga si BONG. At nang inaakalang walang nakakakita sa kanya ay dahan-dahang hahakbang palabas, at saka tatakbo sanang mabilis – nang siyang pagsulpot ng INTEL AGENT 2.*

INTEL AGENT 2
Sabi na eh, kakagat ka sa pain!

*Sasapakin ng INTEL AGENT 2 si BONG. At isa pang sapak, at isa pa. Gumugulong sa sakIt si BONG.*

INTEL AGENT 2
Akala mo ba ay maiisahan mo ulit kami? Hindi kami gago, Bong!

*Darating ang INTEL OFFICER at imumustra ang thumbs down. Ilalabas ng INTEL AGENT 2 si BONG. Maririnig ang dalawang putok ng baril.*

*Balik ang INTEL OFFICER sa pagmomolestya kay MARICEL. Samantala, nakalag na ni JUNIX ang kanyang gapos at biglang tatakbuhin at yayakapin si MARICEL. Agad huhugutin ng mga armado ang kani-kanilang baril.*

INTEL OFFICER
Beautiful! Sige, Maricel! Sabihin mo, "My hero! My communist hero!"

*Kukuyugin sana ng MGA INTEL AGENT si JUNIX ngunit sasansalain sila ng INTEL OFFICER.*

INTEL OFFICER
Bayaan ninyo! Ako ang puputol sa sungay ng teroristang ito!

*Nanlilisik ang mga mata ni JUNIX. Lalapit sa kanya ang INTEL OFFICER. Pupukpukin niya ng puluhan ng baril ang ulo ni JUNIX. Ngunit mabilis na mahahagip ni JUNIX ang kamay ng opisyal, Pambuno sila hanggang maagaw niya ang baril. Babariin niya ang INTEL OFFICER; patay. Mabiis na tatakbo si MARiCEL kay JUNIX, yayakap, na tyempo namang pagputok ng mga baril kay JUNIX. Si MARICEL ang mapupuruhan ng bala.*

MARICEL

Ahhh!

JUNIX

Maricel!

*Lupaypay si MARICEL sa mga bisig ni JUNIX.*

JUNIX

Pasista! Mga pasista kayong lahat! (Kakalabitin ang gatilyo ng baril.)

*Tatamaan ang INTEL AGENT 1, bagsak. May pupukpok sa ulo ni JUNIX. Babagsak siya, pero yakap pa rin si MARICEL.*

JUNIX

Masahol pa kayo sa hayup! May araw din kayo! Hindi kayo magwawagi! Bayan ang hahatol!

*Nakaumang na ang mga baril kay JUNIX. Biglang magdididlim. Malalakas na putok ang maririnig; walang makikita sa dilim kundi ang mga bumubugang apoy.*

**Ikalawang tagpuan: Demonstrasyon, araw**

**Imahe sa telon: Video ng malaking rali -- maraming tao, maraming bandila ng iba't ibang organisasyon, at plakard; prominente ang Karapatan at Anakbayan**

*Kinakabahan si SONIA, dahil sa wakas ay pumayag siyang magtalumpati. Katabi niya si MYRNA. Kabilang sa MGA DEMONSTRADOR sina MR. at MRS. ETRATA, NINA, JIMMY, SONNY, ATTY QUISUMBING, NESTOR, AMELIA, MEDY, JOJO, PILO, SISTER JOSEFINA, at iba pa.*

MYRNA

Mahigit nang isang libo ang mga biktima ng EJK at pagdukot sapul 2001 hanggang ngayong 2007! Sila ay kabataan, estudyante, manggagawa, magsasaka, mangingisda, katutubo, maralitang lungsod, taong simbahan, mga abogado, propesyonal! Namamayagpag ang culture of impunity! Ibig pong sabihin, ang mga kriminal na namamaslang at dumudukot ay walang kinatatakutang batas. Above the law! Lisensyado sila para gawin ang mga ito! Oo, nakakasindak ang mga pangyayari! Ngunit oo rin, minumulat ng mga ito ang nakapikit nating kamalayan, ginigising ang mga natutulog para kumilos at magtanggol!

JIMMY

Karapatan ng mamamayan --

LAHAT

Ipaglaban!

JIMMY

Ipaglaban –

LAHAT

Karapatan ng mamamayan!

MYRNA

Pakinggan natin ngayon, ang ating pinakahihintay, ang nanay ni Maricel Salvacruz!

*Palakpakan. Ipapasa ni MYRNA ang mikropono sa lumalapit na si SONIA.*

SONIA

First time ko itong magtatalumpati, Myrna! Diyos ko po! Tagaktak ang pawis ko!

MYRNA

Ako man po, palagi ring kinakabahan pag magtatalumpati. Natural lang po iyon.

SONIA

Ganun ba 'yun..? Sige.. Magtatalumpati na ako . . . para sa anak ko at para kay Junix Maricel, para sa, ah, bahala na!

MYRNA

(Smiles and holds SONIA.) Para sa lahat ng biktima ng mga paglabag sa karapatang pantao!

**Imahe sa telon: Video ng riot police na umaabante**

*Habang isang pahabang hanay ang bubuuin ng lahat na magkakapit-bisig, maririnig ang:*

MALE RADIO VOICE

Repeat, disperse immediately! Do not let them march to Mendiola or to regroup anywhere!

MYRNA

Aling Sonia… mukhang hindi na kayo makakapagsalita.

SONIA

Ha? Bakit?

MYRNA

Idi-disperse na tayo! Ayan na sila!

SONIA

Susmaryosep!

MEGAPHONE VOICE (OFF STAGE)

Nakikiusap po kami! Five minutes! Five minutes! Clear the streets!

ATTY QUISUMBING

(Sumisigaw.) This is a peaceful assembly! We are citizens! We have a right to –

MEGAPHONE VOICE (OFF STAGE)

Wala kayong permit!

ATTY QUISUMBING

Nag-apply kami for a permit! Isang linggo, walang sagot ang City Hall! Pag ganoon, according to the law, our application is deemed approved.

MEGAPHONE VOICE (OFF STAGE)

Sinabi nang wala kayong permit! Five minutes!

NINA

Makibaka!

MGA DEMONSTRADOR

Huwag matakot!

NINA

Makibaka!

MGA DEMONSTRADOR

Huwag matakot!

SONIA

(Sa tangang mikropono.) Pwede bang magtanong..? Nawalan na ba kayo ng anak? Naranasan na ba ninyong magbungkal ng mga libingan? Kumilala ng mga bangkay sa morge?

MEGAPHONE VOICE (OFF STAGE)

Ginugulo ninyo ang trapik!

SONIA

Dinukot ang aking si Maricel, si Junix, ang maraming mamamayan! Gusto naming magpahayag ng tungkol sa katarungan! At ang mas mahalaga sa inyo ay ang trapik? Alagad ng batas kayong naturingan, pero kaninong batas ang ipinagtatanggol ninyo?

*Maririnig ang ingay na likha ng mga truncheon na ihinahataw sa mga shield – isang taktikang panakot ng mga riot police.*

SONNY

Katarungan!

MGA DEMONSTRADOR

Ipaglaban!

SONNY
Ipaglaban!

MGA DEMONSTRADOR
Katarungan!

MYRNA
Never again!  Never again!

LAHAT
Never again to martial law! Never again!  Never again!  Never again to martial law!

*Sa pagsisimula ng brutalidad, biglang magdidilim.*

## EPILOGO: MATA SA MATA, NGIPIN SA NGIPIN

**Tagpuan:  Sabungan, araw**

**Teksto sa telon:  Makalipas ang isang taon**

**Imahe sa telon:  Video ng tupada; kaingay ang mga tao sa salpukan ng dalawang tandang**

*Isang tupada o derby ang nagaganap.  Enjoy na enjoy sa panonood sina ROXY, INTEL OFFICER, at INTEL AGENT 2 at 3. Nagmamatyag  ang REBELDE 2 at 3. Lalapit na si NOEL at ang REBELDE 1 kina ROXY, INTEL OFFICER at INTEL AGENT 2 at 3 na konsentrado sa panonood ng sabong. Kakapain ni NOEL at ng REBELDE 1 ang kanilang baril, ilalabas at iuumang, kakalabitin ang gatilyo, paulit-ulit.  Sapol sina ROXY, INTEL OFFICER at INTEL AGENT 2 at 3.*

**Imahe sa telon: Takbuhan ang nagkakagulong mga tao sa sabungan.**

*Lalapitan nina NOEL at REBELDE 1, 2, at 3 ang mga bangkay at sasamsamin ang baril ng mga ito. Magtataas ng kamao si NOEL. Payapa nilang lilisanin ang pook na pinaghugutan ng katarungan. Blackout.*

**WAKAS**